# *Daan Ng Diyos Na Ginawa Para Sa Atin*

Sabay-sabay tayo ngayon, lakasan natin, lakasan pa nating maigi.

Amazing grace! how sweet the sound,
That saved a wretch like me!
I once was lost, but now I'm found,
Was blind, but now I see.

Atin na pong iyuko ang ating mga ulo ngayon.

2 Makalangit naming Ama, pinasasalamatan Ka namin para sa dakilang pribilehiyo na ito na kami'y makalapit sa Iyo. Una sa lahat, di po kami makalalapit kung hindi sa pamamagitan ni Cristo. Kaya naman inilalagay namin ang Kanyang Pangalan sa unahan ng aming pananalangin. At siyanga rin na nababatid namin na sa pamamagitan ng Kanyang Salita, na Iyo po itong tutugunin, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Sadya ngang di sa sarili naming katuwiran, wala kaming ano mang taglay na magagawa namin ito; kundi sa pamamagitan ng biyaya lamang na haya't kami'y makalalapit, na humihingi sa Pangalan ni Cristo.

3 Ama, marahil maraming mga lalaki't babae rito, sa palibot ng gusaling ito ngayong gabi, na mga makasalanan. Ikaw nga'y namatay para sa makasalanan. Nawa ang gabing ito'y maging gabi na ang Diyos ay mangungusap sa kanilang puso't tawagin sila sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, papasok sa Kaharian. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Marahil nagsayang sila ng sadya pong maraming taon, nagpapatumpik-tumpik sa paglilimayon sa kasalanan, pero ang oras na ito'y maging ang oras nawa.

4 Maraming salamat po sa Iyo, Panginoon, para kay Billy Paul sa gabing ito. Ang kaawa-awa ko pong, munting, anak na lalaki na nawalan nang nanay, haya't nililiglig siya nang husto. Salamat po, Panginoon, sa pagkakaloob sa kanya ng Espiritu Santo, bilang katiyakan ngayon, na sa isang maluwalhating araw balang araw ay makikita niya uli ang kanyang nanay, na lahat ng mga bagay ay panatag na, magiging ayos na ang lahat. Oh Diyos, ipaalam nawa ito ng mga Anghel ngayon sa kanya pong nanay. Siya po'y nagbilin noong siya'y mamamatay na, na, "Paglingkuran mo ang Diyos. . . balang araw si Billy ay lalaki na isang kabataang lalaki at tatanggap ng Espiritu Santo." Ang mga panalangin ay tinugon na. Diyos, Iyo pong pagpalain ang kabataang lalaki na ito ngayon. Siya po'y sumunod nawa sa yapak na tinahak ng Panginoon. Ganoon na lamang na ang

munti niyang tinig ay nanginginig nang sabihin niya, "Tatay, natanggap ko na po ngayon ang Espiritu Santo. Ako po'y galak na galak."

5 Diyos, nawa'y 'yan ang maging karanasan ng—ng bawat tao na di pa naipapanganak na muli na narito sa gabing ito. Nawa po'y matanggap nila ang Espiritu Santo sa gabing ito. Sa mga kasalanan namin na aming nagawa, Iyo pong patawarin kami, Panginoon. Iyo pong pagalingin ang mga maysakit. Iyo pong bigkisin ang mga bagbag na puso.

6 At ngayon, Panginoon, di ko alam kung saan magsisimula, sa ipangungusap ko ngayong gabi, pero Ikaw po ang maglaan. Ako po'y sumasampalataya sa Iyo, at hinihiling ko na Ikaw ay magkaloob sa amin ng isang bagay na makatutulong sa mga tao, dahil hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

7 Para sa kaunting Kasulatan na babasahin dito, sa Isaias 35, nais ko pong basahin. Dahil, ang mga salita ko'y mabibigo; ang Salita ng Diyos ay di nabibigo. Kaya, walang—walang gawain ang kumpleto nang di muna binabasa ang Kasulatan.

> *Ang ilang . . . ang tuyong* mga *lupa ay sasaya; at ang ilang ay magagalak, at mamumulaklak na gaya ng rosa.*
>
> *Mamumulaklak ng sagana, at magagalak* sa *kagalakan . . . awitan;* at *ang kaluwalhatian ay* mapaparoon sa *Libanon . . . ipagkakaloob roon, ang karilagan ng Carmel at ng Saron, kanilang makikita ang kaluwalhatian ng PANGINOON, at ang karilagan ng ating Dios.*
>
> *Iyong palakasin ang mga mahinang kamay, at patatagin ang mga mahinang tuhod.*
>
> *Iyong sabihin* sa *kanila na . . . matatakuting puso, Kayo'y mangagpakatapang, huwag kayong mangatakot: narito, ang inyong Dios ay pariritong may panghihiganti, na ang Dios ay may . . . kagantihan; siya'y paririto at ililigtas kayo.*
>
> . . . ididilat niya, . . . *ang mga pakinig ng bingi ay mabubuksan.*
>
> *Kung magkagayo'y lulukso ang pilay na parang usa, at ang dila ng pipi* ay *aawit: sapagka't sa ilang ay bubukal* ang *tubig, at magkakailog sa ilang.*
>
> *At ang buhanginang kumikislap ay magiging lawa, at ang uhaw na lupa ay mga bukal ng tubig: . . . tahanan ng mga chakal, na kanilang hihiligan, magkakaroon ng damo pati ng mga tambo at mga yantok.*
>
> *At magkakaroon doon ng isang lansangan, at ng isang daan, . . . ng kabanalan; ang marumi ay hindi daraan doon; kundi magiging sa kaniyang bayan: na mga*

*palalakad na tao, maging ang mga mangmang, ay hindi mangaliligaw roon.*

*Hindi magkakaroon ng leon doon, o sasampa man ang anomang mabangis na hayop. . .doon, hindi mangasusumpungan doon; kundi ang nangatubos ay lalakad doon:*

*At ang pinagtutubos ng PANGINOON ay mangagbabalik, at magsisiparoong magaawitan sa Sion at walang hanggang kagalakan ay mapapasa kanilang mga ulo: sila'y mangagtatamo ng kasayahan at kagalakan, at ang kapanglawan at ang pagbubuntong-hininga ay mapaparam.*

8 Nawa'y idagdag ng Panginoon ang mga pagpapala Niya sa binasa—pagbabasa ng Kanyang Salita. Nais ko pong mangusap ngayong gabi, kung loobin ng Diyos, nang pansumandali lang sa inyo. Babantayan ko po ang relo ko rito, para di ko kayo masyadong mapanatili rito nang matagal ngayong gabi.

9 Matapos na sa buong kabuoan ng mga gawain sa buong sanlinggong ito, haya't ipinapakita sa mga tao na walang rason para matakot. Ang pinaka teribleng bagay na mailalagay ng diyablo sa inyo ay takot. Kung kayo nga'y may kanser at di n'yo ito katatakutan, at sasampalatayanan ang Diyos na kayo'y pagagalingin mismo, di nga kayo hahantong sa napakasamang kalagayan. Ang Diyos ang gagawa para roon; kung kayo nga'y may sakit, ano man 'yan, kung di kayo mahihintakutan. Kaya takot ang ang isa sa pinaka teribleng bagay na mailalagay ni Satanas sa isang tao.

10 Ngayon, sa buong sanglinggong ito haya't sinikap ko po na mapatunayan, sa pamamagitan ng Kasulatan, na ang tao na naipanganak nang muli sa Kaharian ng Diyos ay wala na nga siyang dapat katakutan. Kayo'y ganap, na may kapanatagang ligtas kay Jesus Cristo. "Ang lahat ng ibinibigay sa Akin ng Ama," sabi Niya, "ay magsisilapit sa Akin. Walang makalalapit liban na tawagin siya ng Ama. Kinakailangang gabayan siya ng Ama patungo sa Akin; at siya na lalapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy. At lahat ng. . .Walang sinuman ang makawawaglit sa kanila mula sa kamay ng Aking Ama; walang tao na hihigit sa Kanya. Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may walang hanggang Buhay; di mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na mula sa Buhay. . .mula sa kamatayan patungo sa Buhay. Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking Dugo ay may," di sinabing magkakaroon pa lang, "kundi may," kasalukuyan po, "Buhay na walang hanggan, at ibabangon Ko siya sa huling araw."

11 "Kaya naman huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa pamamagitan nito ay tinatakan kayo hanggang

sa Araw ng inyong Pagkatubos." Hayan po kayo. "Tinatakan hanggang sa Araw ng inyong Pagkatubos." Hindi lang mula sa isang rebaybal hanggang sa kasunod, kundi hanggang sa Araw mismo ng inyong Pagkatubos.

12 Grabe, ganoon na lamang na ang Espiritu Santo'y bumaba rito kaninang umaga at pinagpala tayo sa bagay na 'yan! Tayo nga'y nanatili rito hanggang ala una y medya kanina, kaninang umaga, nagsimula tayo ng alas nuwebe y media. Ganoon na lamang ang pagpapala Niya sa atin!

13 Ngayon, sa gabing ito, nais ko pong mangusap patungkol sa. . .sinabi rito ni Isaias, "Magkakaroon ng isang lansangan, at isang daan ng kabanalan." Ngayon gusto ko pong mangusap patungkol sa, "daan ng Diyos," *Daan Ng Diyos Na Ginawa Para Sa Atin*.

14 Ngayon, halimbawa po na papunta ako ng New York City, haya't ang pinaka mainam na bagay na dapat kong gawin ay di 'yung magpapakahirap akong hanapin, sa pamamagitan lang ng itsura ng paligid ko, kung nasaan na kaya ako't sige lang sa pagtulak pahilaga. Ngunit ang pinaka mainam na dapat gawin ay ang kumuha ng mapa't sundan ang mapa na 'yun, (tama po ba?) 'yung lansangan doon. Kung hindi, mapapahamak ako.

15 Wala pong pinaikling daan sa Kaharian ng Diyos. Alam n'yo, tayo kasi'y sinusubukan nating gumawa ng pinaikling daan, kakaliwa tayo sa munting lawa rito sa kung saan at tuloy napapadpad tayo sa putikan. At 'yan ang nangyayari sa atin sa tuwing lumilihis tayo ng daan mula sa matandang lansangan ng Diyos. Ang Diyos ay gumawa na ng daan, ng isang daanan.

16 Noong ang mga anak ni Israel ay lumabas noon sa lupain ng Egipto, sila'y sumunod sa daan ng Diyos. Sumapit nga sila noon sa Dagat na Pula. Kakatwa nga, na pinahantong sila ng Diyos sa Kanyang daan na mapunta roon. Haya't ang daan nga Niya'y tumugagay dun sa mismong dagat.

17 Kaya nung sumapit 'yung oras, at heto na ang paghaharap, at ang Israel ay tumayo noon sa harapan ng dagat, na mismong daan ng Diyos na tumugaygay sa dagat. Kaya tumunghay ang Diyos sa pamamagitan ng Haliging Apoy, at natakot ang dagat at napaurong, at ang Israel ay tumawid sa tuyong lupa. Ang daan ng Diyos ay tumagos mismo roon.

18 Pagkatapos nung Kanyang tugaygayin ang ilang, patungo dun sa bukal ng *Mara*, "mapait" na tubig. Di po ba't mukhang kakatwa 'yun na dadalhin ng Diyos ang Kanyang mga anak sa mapapait na tubig na 'yun? Pero lahat nga sila'y tumahak sa daan na 'yun. Haya't nung Siya'y mapadako roon, ang lunas para sa mapapait na tubig ay nakatayo mismo sa pampang. Pumutol si Moises mula sa puno na 'yun at inihagis ito sa tubig, at nanauli ang tamis nun.

Minsan ay sa agwa, minsan ay sa baha,
Minsan ay sa matinding pagsubok, ngunit sa tuwina ay sa Dugo.

19 Sa ganyang paraan nga dinadala ng Diyos ang Kanyang mga anak; daan ng Diyos, inilaang daan ng Diyos. Kung ang mga anak ni Israel noon ay naisipan nilang umiba ng daan, at sisikot sa ibang daan, tatahak sa daan *dito*, mapapahamak sila. Kinakailangan nilang sundan ang Ulap na Apoy, ang Haliging Apoy na naguna sa kanila. Kanilang sinundan Iyon.

20 At kung ang Iglesya, ngayong gabi, ay susunod lamang sa Haliging Apoy na 'yun, ang Espiritu Santo, sasapit at sasapit kayo sa Canaan pihado 'yan. Ang Diyos ay may daan, isa pong inilaang daan.

21 Dalawang daan lang naman ang puwedeng tahakin ng tao, at 'yan ang sarili niyang daan o daan ng Diyos, at 'yan nga'y tamang daan o maling daan. At ang sarili n'yong daan ay sa tuwina'y ang maling daan, at ang daan ng Diyos ang tamang daan. At di ka nga puwedeng nasa sarili kang daan mo't nasa daan ka rin ng Diyos na magkasabay, kaya nararapat lamang na umalis ka riyan sa sarili mong daan nang sa ganoon magawa ng Diyos ang Kanyang daan sa inyo. Siyanga. Ang Diyos nga'y gumagawa ng inilaang daan.

22 Ang tao nga sa tuwina'y nagnanais siya lagi na gumawa ng sarili niyang daan. Doon noon sa halamanan ng Eden, ginawa ng Diyos ang tao na di siya lilihis sa anupamang ibang daan. Ginawa siya ng Diyos na perpekto, pero ninais ng tao ang sarili niyang daan. Naghangad siyang makialam. Naghangad siyang makaalam kung ano kaya. At nung mismong sandali na siya'y nahulog . . . Atin pong natalakay 'yan ngayong sanglinggong ito, sa pag-aaral ng Kasulatan. Ang ginawa nga ng tao'y siya'y gumawa ng sarili niyang relihiyon. Di siya nakapaghintay na ang Diyos mismo ang gagawa sana para sa kanya. Gumawa siya sa sarili niya, pero nalaman nga niya na ang relihiyon niya, ang panakip niya, ay di uubra. Ganyan nga sa tuwina ang tao. Ang gusto niya'y sarili niyang daan lagi. Pero ang Diyos ay may daan. Kaya hayan nga ang tao na gumawa siya gamit ang mga dahon ng igos at isinuot niya 'yun sa sarili niya, siya at para sa asawa niya, pero, nung dumating 'yung oras para harapin ang Diyos, nalaman niya na 'yung ginawa niya'y di pala uubra.

23 At sinasabi ko nga sa inyo, mga kaibigan, na napakaraming tao noon pa man, at kahit ngayong gabi, na sa pagsapit nila sa dulo ng daan, ay matutuklasan nila na 'yang munti't mababaw na relihiyon na 'yan na taglay-taglay n'yo ay di uubra. Wala kasing ibang bagay na kapos at di nakaabot sa pagkapanganak na muli ang uubra. Sinabi ni Jesus, "Maliban na ang isang tao ay maipanganak sa tubig at Espiritu, ay di siya makakapasok sa anumang paraan sa Kaharian." Walang anumang paraan,

siya ma'y Methodist, Baptist, Presbyterian, anuman siya, hindi siya makakapasok hanggang sa maipanganak siya sa tubig at Espiritu. Ang ibig sabihin ng *maipanganak* ay "mabago." Ang tao'y kinakailangang mamatay muna bago siya maipanganak. Kaya kinakailangan n'yong mamatay sa sarili n'yo, kailangang maipanganak muli, uli, kay Cristo Jesus. Siyanga.

24 Ngayon gusto ko pong pansinin n'yo, ang tao'y sinisikap niyang gumawa sa sarili niyang paraan. Natalakay nga natin, kaninang umaga, kung papaanong si Cain ay sinubukan niyang gumawa sa sarili niyang paraan. Namitas-mitas siya ng mga mansanas at mga peras at mga durano't mga kalabasa, at kung anu-ano pang naroon, inilapag niya 'yun sa may dambana't ang sabi, "Ngayon heto na po, Panginoon, nakapagtayo na po ako ng dambana. Nakapagtayo na ako ng simbahan. Isa akong mabuting miyembro ng simbahan." Kita n'yo? "Nagsisimba ako araw-araw. Nagpunta ako rito't, gumawa ng dambana. Ako ri'y naglapag dito ng hain sa ibabaw nito. Ngayon ako po'y luluhod na't mananalangin. At ngayon, Panginoon, nais ko pong Iyong tanggapin ako." Pero tinanggihan siya ng Diyos.

25 At 'yang siya ring matandang relihiyosong espiritu na 'yan ay nananahan mismo sa kalagitnaan ng iglesya ngayon, 'yang siya ring parehong espiritu na 'yan, na sadyang relihiyoso kung reliyoso talaga, at wala namang kaalam-alam tungkol sa Diyos na pareho lang sa isang Hottentot na walang kaalam-alam sa isang mandirigmang Egipcio. Alam n'yong katotohanan 'yan. Mga relihiyosong espiritu! Huwag n'yong isipin na si Stalin ang anticristo. Ang sabi ng Biblia, "Ang dalawang espiritu na ito'y magiging magkalapit na magkalapit sa isa't isa, na anupa't madadaya ang pinaka Hirang kung maaari."

26 Nalaman natin na si Judas Iscariote'y sumasama-sama rin, at pumaroon dun noon at nagbunyi't nangaral ng Ebanghelyo; bumalik, na sumisigaw at humihiyaw, at nagtatamasa ng isang maluwalhating panahon kasama ng iba pa sa mga alagad. San Mateo, sa ika-10 kabanata. Haya't sumasama-sama siya roon sa mga alagad, sa kabila ng siya'y, diyablo na nagsalaman, at sumasama-sama roon; kung papaanong si Jesus ang Diyos na nagsalaman; ang Cain at ang Abel mula sa halamanan ng Eden. Pero nung dumating 'yung oras na siya'y paroroon na dapat sa Pentecostes, at tanggapin ang biyaya, inilantad niya ang tunay niyang kulay.

27 At sa tuwing ikaw ay mangungusap patungkol sa nararapat na maipanganak na muli, matanggap ang bautismo ng Espiritu Santo, siyam na beses sa sampung pagkakataon, 'yang mga espiritu na 'yan ay ilalantad talaga nila ang tunay nilang kulay, kung ano sila. Sasabihin nga nila, "Panay kapanatikuhan lang naman 'yan. Lumayo kayo riyan." Kapatid, 'yan po mismo ang inilaang daan ng Diyos para sa tao ngayon. Hallelujah!

28 Tingnan n'yo, ang Diyos ay may daang inilaan sa tuwina. Obligado ang Diyos na gumawa ng daan. Ang Diyos nga'y may gawang daan na inilaan para sa kalikasan. Bakit nga ba tayo nagkakaroon nitong naglalakihang mga baha sa buong bansa? Papaano'y pinagpuputol ang mga malalaking punongkahoy at mga bagay na gaya n'yan, kaya naman may pagragasa. Haya't may itatayo kayong dam sa dako rito at umaapaw ang daluyan ng ilog dito; kaya hayan siya, ang tubig. Pinapakialaman n'yo kasi ang kalikasan. Mayroong inilaang daan ang Diyos. Kaya nagdudulot tuloy 'yan ng baha. Anumang pinakailaman ng tao, na ginawa na noon ng Diyos na perpekto, haya't ginagawa n'yo ngang maging di-perpekto. Siyanga.

29 Ngayon, kagaya na lang ng, halimbawa, tulad ng—ng mga pato. Gustung-gusto kong pinapanood ang mga pato, sa tuwing panahon ng pag-akyat sa bundok para mangaso. Ako nga'y aakyat dun sa taglagas na ito ng taon na ito. Buweno, hayan nga ang mga pato na nanggagaling pa ng Louisiana't sa dako roon sa timog, at sa dako roon sa mga latian. At nagsisipunta sila papa-hilaga at doon humihimpil, gagawa ng pugad at doon aalagaan ang kanilang mumunting mga sisiw. Tapos 'yung mga mumunting mga sisiw na 'yun ay magsisilakihan, marahil sa pagsapit ng bandang Septiyembre, mga ganitong panahon din sa sunod na taon, o bandang papatapos na ng Septiyembre. At mangyaring 'yung mumunting mga pato na 'yun, mumunting lalaking pato, di pa nga siya nakakaalis sa tubigang 'yun. Doon lang siya nakatira mismo.

30 Pagkatapos heto nang tumatambak ang mga niyebe dun sa bundok. May kaunting niyebe na kasamang natatangay dun, at may malamig na simoy na umiihip sa buong kabundukan. Mararamdaman 'yun ng mumunting mga pato. Ngayon hayan nga't wala nga siyang ibang dakong pinupuntahan maliban sa tubigan na 'yun, wala pa nga siyang isang taong gulang. Itataas niya ang ulo niya nang paganoon sa ere, 'yung munting pato na 'yun na pinakamalakas ang ingay, at tatakbo mismo sa gitna ng tubigan, at mag-iingay "honk-honk," bawat pato sa tubigan na 'yun ay lalapit sa kanya. Bawat pato roon ay alam nila na ang isang ito'y ipinanganak na maging lider. At 'yung munting pato na 'yun ay lilipad palayo ng tubigan na 'yun, nang kahit wala siyang kompas o anupamang bagay, at sadyang lilipad nang diretso sa Louisiana, sa mga taniman ng palay dun, sa abot ng makakaya niya.

31 Mukha ngang ang mga Cristiano'y dapat magkaroon nitong isip ng isang pato, kung tutuusin. Di po ba? Siyanga. Tama.

32 Aba? Sasabihin n'yo, "Kalikasan kasi 'yan." Hindi, sila nga'y tumatahak sa inilaang daan ng Diyos. Binigyan sila ng Diyos ng isang daan, ng isang kalikasan para gabayan sila na makapunta sa dakong 'yun, at sumasalig sila dun.

33 Pero, ang tao'y nilaanan na ng Diyos ng Espiritu Santo, at haya't tinatanggihan niya Ito, may sarili kasi siyang daan. Pero ang Diyos ay may inilaan nang daan para sa atin. Hallelujah! Pakiramdam ko nga'y parang napupuspos na agad ako ngayon sa gabing ito, matapos nito, at ng ilang mga gabi ng rebaybal.

34 Pansinin, hayun nga ito. Siyanga, po. Yung munting pato na 'yun ay magtutungo roon.

35 At may sasabihin pa ako sa inyo na isang bagay. Sabihin na lang natin na magpupunta kayo kunwari sa isang dako rito para kumuha ng diyaryo; nakasaad dun, "Bukas ay maaliwalas ang panahon." Tapos mangangaso kayo at makikita n'yo 'yung mga kuneho na nagsisipanatili dun sa damuhan. Huwag nga kayong basta mawili na lang dun sa mga diyaryo.

36 Subukan n'yong pansinin 'yung isang matandang inahing baboy na agad lumilikas mula sa hilagang bahagi ng burol at dadalhin niya sila roon sa kabilang ibayo, sa timog na bahagi ng burol, at dun siya gumagawa ng—ng mapupugaran sa timog na bahagi ng burol. Mas maalam nga siya tungkol sa bagay na ito kumpara sa lahat ng mga komentarista ng diyaro sa buong mundo. Siyanga. May kalikasan siya. Nagpupunta siya roon sa timog na bahagi, para maiwasan 'yung simoy ng hanging hilaga na bumababa. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang makailang ulit—Pat.] Oh, grabe!

37 Kung ang isang baboy ay may sapat na pag-iisip na umiwas mula sa malamig na hangin, papaano pa kayo na taglay-taglay mismo ang Espiritu Santo? Hallelujah! Yan ang kalikasan n'yo. Siyanga, po.

38 At binigyan nga sila ng Diyos ng kalikasan. Yun ang laang daan ng Diyos para sa kanila. Nabubuhay sila sa inilaang daan ng Diyos.

39 Ipagpahalimbawa n'yo na lang ang isang bulaklak, kapag siya'y mamamatay at mapaparoon sa lupa. Hindi nga 'yun ang wakas niya; nabubuhay siya muli. Ang Diyos ay gumawa ng inilaang daan para sa kanya, at kanya 'yung pinagsasaligan.

40 Ang Diyos nga'y may inilalaang daan sa tuwina. Minsan di 'yun tumutugaygay sa magagandang mga bagay, minsan dun 'yun tumutugaygay sa mga paghihirap, pero 'yun ang inilaang daan ng Diyos. Diyos ang may gawa nun, ano't anuman.

41 Nung isang beses mayroon Siyang inilagay na tao dun sa inilaang daan ng Diyos, ang taong 'yun ay kailangang sumabak doon sa loob, pagdaanan 'yung yungib na 'yun ng leon, pero haya't 'yun mismo ang inilaang daan ng Diyos. Mangyari ngang inilabas ng Diyos ang tao na 'yun mula roon. Hallelujah!

42 Nakikinita ko nga ang ilang binatilyong Hebreo na naroon noon sa Babilonia isang umaga. Tumanggi silang yumuko sa isang diyus-diyosan. Siyanga. Sabi nila, "Hinding-hindi namin

ito gagawin. Sige't kalampagin n'yo na ang lahat ng tugtog na gusto n'yo, at patunugin n'yo man ang mga korneta n'yo at mga trumpeta, pero hinding-hindi kami yuyuko sa diyus-diyosan n'yong ito." Hallelujah!

43 Mapagkalooban pa nawa tayo ng mas maraming Sadrach, Mesach, at Abednego, (siyanga, po) na hinding-hindi yuyuko sa mga makasanlibutan n'yong mga bagay. Di natin kailangang manikluhod dito. Pinalaya na tayo ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Hallelujah! Siyanga, po.

44 Ngayon nakikinita ko nga ang eksenang 'yun, isang umaga. Sige't ating—ating—ating ipaling ang mga kamera natin sa dakong 'yun pansumandali, at antabayanan natin at tingnan. Nakikinita ko nga ang mga binatilyong 'yun sa dakong 'yun, isang umaga. Sinasabi nila roon, "Ngayon tingnan n'yo, sinabi ng hari na, 'Bawat isa na di yuyuko, itatapon namin sa nag-aapoy na hurno.'"

45 At 'yung mga binatilyo'y humayo na sila't nanalangin nang nanalangin, isang gabi. Nung sumunod na araw, nung tumunog na 'yung hudyat na dapat na silang yumuko sa diyus-diyosan, haya't, tumalikod ang mga binatilyo.

Kaya 'yung nangangasiwa'y bumaling, sabi, "Mga binata, tumalikod ba kayo?" "Oo."

46 "Buweno, paiinitin namin ang nag-aapoy na hurno, nang pitong beses na mas mainit pa kaysa sa kinagawian."

47 Ngayon hindi ba't kakatwa 'yun! May tulay-tulay na bakal na nakaumang dun, na dire-diretso sa entrada ng hurno.

48 Ang buong himpapawid ng Babilonia'y pulang-pula nung umagang 'yun, nangangalit ang apoy. Nakikinita ko si Haring Nabucodonosor, bilang itong mga modernong kalalakihan sa panahon ngayon, nakaupo siya roon at ang sabi, "Ngayon heto nga't tutupukin namin nang buong-buo 'yang Espiritu Santong relihiyon na 'yan palabas sa mga binatilyong ito."

49 Oh, siyanga, iniisip n'yo ba na di kayo kayang tupukin ng diyablo. Magagawa nga niya. Pero, tandaan n'yo, ang Espiritu Santo'y Apoy Mismo.

50 Ngayon, gusto kong makita n'yo ito, 'yung daan ng Diyos ay tumutugaygay mismo sa tulay-tulay na bakal. Nakikinita ko si Sadrach, Mesach, Abednego, na tumutulay dun patungo sa kamatayan nila. Nauulinigan ko nga si Sadrach na sinasabi, "Abednego, nanalangin ka ba nang husto?"

"Oo."

"Mabuti, kung ganun."

"Nakakasigurado ka ba na nasa daan ka ng Diyos?"

51 "Oo, nakakasigurado. At sinabi ng Diyos sa Kanyang Salita na di dapat tayo yumuko sa mga diyus-diyosan, at di natin 'yun

gagawin kahit kailan. May kakayahan ang Diyos na iligtas tayo mula sa nag-aapoy na hurnong ito. Pero kung di man Niya gawin, ano naman ngayon. Hinding-hindi pa rin tayo yuyuko. Tayo'y tatahak sa inilaang daan ng Diyos."

52 Nauulinigan ko nga na may nagsasabi sa kanila roon, "Sigurado ba kayo na nasa inilaang daan Niya kayo?"

"Oo." Hallelujah!

53 May magsasabi, "Buweno, di n'yo ba naisip na lahat sila na mga tao dun ay posibleng sila ang tama, sa halip na kayo?"

54 "Hindi, maaari. Ang Biblia na mismo ang nagsabi, at kami nga'y mananatili Rito." Doon nga sa tulay-tulay na bakal sila'y lumakad. Halos aking. . . Yung init ay talaga namang. . . Yung matinding init ay halos. . . Pinatay nga nun 'yung mga lalaking naghahatid sa kanila roon.

55 Halos isang hakbang na lamang sila roon. Walang imik ang Diyos. Yung mga binatilyo'y lumalakad pa rin sa inilaang daan. Sila'y naroon na sa mismong entrada ng hurno. Nung mismong oras na handa na silang humakbang papasok sa loob ng nag-aapoy na hurno. . . Alam n'yo, haya't nakikinita ko ang isang kalunus-lunos at malagim na eksena rito sa harap ko ngayon-ngayon lang. Mga binatilyong nagsisikap na mamuhay nang totoo sa Diyos, lumalakad sa inilaang daan ng Diyos; haya't malapit na silang masunog. Grabeng eksena!

56 Pansinin, habang nangyayari ang lahat ng 'yun sa ibaba, may bagay nga na nangyayari rito sa Itaas, nang sabay. Sige't tumunghay tayo rito sa Itaas pansumandali at tingnan natin kung ano 'yung nangyayari roon. Nakikinita ko ang Diyos na nakatayo sa may dako roon, at ang Kanyang mala-prinsipeng mga balabal ay nakadamit sa Kanya. Hallelujah! Nakikinita ko, na unang bagay, na nanggaling dun sa kanan, isang dakila't malaking Anghel, na nagngangalang Miguel. Hayun nga ang Isang 'yun doon sa kanila. Alam n'yo po ba 'yun? Nauulinigan ko nga siya na nagmamadali sa Kanyang gilid, na sinasabi, "Panginoon!" Nakikinita ko Siya na binubunot Niya ang Kanyang tabak mula dun sa kalasag Niya, nang *paganito*, at sinasabi, "Ikaw po ba'y tumunghay na pababa sa Babilonia ngayong umaga? May mga kalalakihan dun na lumalakad sa inilaang daan ng Diyos. May mga kalalakihan na talagang handang patunayan ang kanilang patotoo sa umagang ito. Ang mga kapatid nati'y malapit nang matupok." Nauulinigan ko Siya na sinasabi, "Hayaan mong bumaba Ako roon! Iibahin ko ang eksena." Naniniwala ako na kaya nga Niyang gawin 'yun; naniniwala ako.

57 Pero nauulinigan ko Siya na sinasabi, "Hindi, di ikaw ang pupunta dun. Gabriel, isa Ka ngang. . . O, Miguel, isa Ka ngang napaka inam na Anghel. Sige't, ibalik mo na sa lalagyan ang iyong tabak, tumayo ka lamang diyan sa gilid."

58 Hetong paparating ang isa pang Anghel. Ang pangalan Niya'y Wormwood; pinapaging mapait ang mga tubig. Heto nga Siya na paparating, sabi, "Panginoon, tumunghay Ka po rito sa ibaba. May kakayahan nga akong kuntrolin ang mga tubig. Iyo ngang inatas sa Akin noon nung pangmalawakang pagkagunaw ng mundo sa pamamagitan ng baha, at talagang pinabaha ko ang buong mundo hanggang sa mawasak ito, lahat ay namatay maliban kay Noe at sa pamilya niya. Ngayon," sabi Niya, "Iyo pong ipahintulot na bumaba Ako roon at pababahain ko ang Babilonia hanggang sa mawasak at mabura na sa mapa."

59 Nauulinigan ko Siya na sinasabi, "Woodworm, kaya Mong gawin 'yan, siyanga, pero di Kita papayagan na magpunta. Isa itong malaking tungkulin para sa pinaka pinuno."

60 Oh, nakikinita ko nga Siya na tumayo dun, nang *paganoon*. Yung mga binatilyo'y pahakbang na sa huli nilang hakbang. Nakikinita ko nga Siya na iniunat ang bisig sa dako roon at nagsabi, "Halika rito," tumuro dun sa napakalaking ulap na itsurang nagbabadya ng kulog sa dako roon. Oh, grabe! Siya nga'y sinunod nito.

61 Nakikinita ko Siya, nauulinigan ko Siya na nagsasabi, "Hangin ng silangan, hilaga, kanluran, at timog, halikayo rito at hilahin n'yo ang ulap na ito na nagbabadya ng kulog. Kayo'y patatakbuhin ko nang mabilis na parang mga kabayo. Uupo ako rito sa ulap na ito na nagbabadya ng kulog, sa umagang ito, na magmistulang parang karwahe. Pupunta Ako mismo ng Babilonia, Ako mismo." Hallelujah!

62 Nakikinita ko Siya na umunat ng bisig at sinunggaban ang isang kidlat na hugis zigzag at pinalangitngit 'yun sa kalaparan ng himpapawid, nang *paganoon*; noong mga sandali ring 'yun na 'yung mga binatilyo'y hahakbang na ng pinaka huli nilang hakbang, lumalakad sa inilaang daan ng Diyos. At nung mga sandali na aapak na sila roon, Siya'y dumaan dun sa Dagat ng Buhay at pumitas ng palmera, at tumayo Siya sa dako na 'yun na ipinapaypay ang hangin na umihip sa kanila. Hallelujah! Siya nga'y naroon palagi sa tuwing ang tao'y lalakad sa daan na inilaan ng Diyos. Siyanga, po.

63 May isang beses may isang matandang "pasmado-ang-isip" na mangangaral, isang matandang holiness na mangangaral sa isang dako, matagal na matagal nang panahon ang nagdaan, na ang pangalan ay Noe. Sabi niya, "Alam n'yo, uulan, may bagyo na parating."

64 Nauulinigan ko ang mga tao roon na nagkukumpulan sila't sinasabi, "Naku, nabalitaan n'yo na ba 'yung matandang holy-roller na 'yun sa dako roon? Sabi niya, 'Uulan.' Aba, ni minsan ay di pa umuulan dito sa lupa. Tapos uulan daw? Paano't, saan manggagaling ang tubig? Buweno, sige't sumangguni na lang tayo sa siyensiya't tingnan natin kung may tubig nga roon sa

itaas. Aba, wala, walang tubig doon. Ano bang nangyayari? Yung matandang mangangaral na ’yun ay wala na yata sa tama niyang pag-iisip.”

65 Pero Diyos na mismo ang nagsabi! Sinabi ng Diyos, “Ika’y maghanda ng isang daong, Noe, para iligtas ang sambahayan mo, para iligtas ang mga tao.” At si Noe nga’y may sapat na tamang pag-iisip para gawin ’yun. Ganoon nga. Siya’y humayo at inihanda ang daong na ’yun.

66 Tapos isang araw, nauulinigan ko ’yung mga tao na sila’y nagkumpulan dun sa may kanto, nag-uusap, doon sa may kanto kung saan maraming nagnenegosyo. May ilan nga sa kanila na nagsasabi, “Uy, nabalitaan mo na ba ’yung kuwento-kuwento tungkol sa uulan daw, sabi nung matandang mangangaral na pasmado ang utak na ang sabi’y uulan daw? Nabalitaan mo na ba ’yung bagay na ’yun? At iniisip pa ng matandang ito na nasa inilaang daan daw siya ng Diyos.” Haya’t siya’y naroon naman talaga. Amen.

67 Haya’t mamamalayan mo na lang, hayan na ang pagkulog at ang pagkidlat. Nakikinita ko ’yung matatanda’t, malalaking, matandang nanay na kamelyo sa dako roon, siya’y napatingala at ang sabi, “Tatay Kamelyo, narinig mo ba ’yun? Diba’t kulog ’yun. Yun mismo ang sinabi ni Noe. Halika na sa daong.” Doon nga sa pagbagtas ng burol sila’y humayo. At heto rin sina tatay kabayo at nanay kabayo na parating, at ang iba pa sa kanila na pares-pares, patungo mismo sa daong, isa-isa. Isinara ng Diyos ang pinto, pinadala ang ulan. Si Noe ay nasa inilaang daan ng Diyos.

68 Yung iba’y nagsisampa sa mga troso, sabi, “Lulutang ako rito.” Pero sinasabi ko nga sa inyo, nung rumagasa ang bagyo, ang daong nga’y lumutang sa ibabaw. Hallelujah! Bakit? Sila kasi’y nasa inilaang daan ng Diyos. Laging pagpapalain ng Diyos ang tao na lalakad sa daan na ’yun na Kanyang inilaan. Kailanman ay di Siya naglaan ng troso. Di Niya inilaan ’yung *ganito*. Daong ang inilaan Niya.

69 At, sa panahon ngayon, mga kapatid na lalaki’t kapatid na babae, may daang inilaan para sa mga lalaki’t babae, na ito’y sa pamamagitan ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos, Na namatay doon sa ibayo ng Kalbaryo, at sa pamamagitan ng Dugo Niya ay nagkamit tayo ng kapatawaran sa ating mga kasalanan; at maaaring tanggapin na ang bautismo ng Espiritu Santo, bilang pagpapatibay ng Diyos, na Kanyang tinatanggap na tayo tungo sa Kanyang Anak, na si Cristo Jesus. May kasiguruhang ligtas na! Hallelujah!

70 Kung tatawagin din naman n’yo akong holy-roller, ano’t anuman, ay simulan n’yo na ngayon. Buweno. Napaka inam ng pakiramdam ko. Buweno.

71 Sinasampalatayanan n’yo ba Yan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Yan ang inilaang daan ng Diyos

at ang nag-iisang tanging daan. Di nga ito daan ng Methodist, hindi daan ng Baptist, hindi daan ng Presbyterian, hindi daan ng Pentecostal. Ito'y daan ni Cristo. Si Cristo ang inilaang daan ng Diyos. Siya ang inilaang hain ng Diyos. Siya ang Jehovah-Rapha. Siya ang Jehovah-Jireh. Siya ang Jehovah-Manasseh.

72 Noong ihandog ni Abraham si Isaac, tinawag niya ang dako na 'yun na *Jehovah-Jireh*, "ang Panginoon ay maglalaan sa Kanyang Sarili ng isang hain." At heto na nga ito, ang Anak ng Diyos. Amen. Laging naglalaan ang Diyos ng daan para maka alpas. Siyanga, po.

73 May isang beses may isang matandang mangangaral na nasa isang dako't nangangaral, na nagngangalang Eliseo. Siya nga'y sumadya roon at pinagmasdan niya ang buong bansa, at ang sabi niya, "Sinasabi ko sa inyo, ito na ang pinaka teribleng bagay na nakita ko."

74 Yung matandang hari dun ay nagpunta't pinakasalan ang isang munti't pinturadang-pinturadang Jezebel, na ganoon na lamang kakapal ang kolorete sa mukha na puwede na roong makagawa ng. . . Ang tanging babae sa Biblia na nagkolorete sa kanyang mukha. At alam n'yo ba kung anong ginawa sa kanya ng Diyos? Pinakain siya ng Diyos sa mga aso. Siya lamang ang alam ko na ganoon.

75 Kung makakakita kayo ng isang babae na punung-puno ng kolorete sa mukha niya, alam n'yo ba kung anong puwedeng itawag n'yo sa kanya? Masasabi n'yo, "Kumusta, Binibining Pagkain ng Aso!" Yun nga siya, mistulang pagkain ng aso. Oh, grabe! Pakinggan n'yo, kapatid, kagagaling ko lang ng Aprika. Yung bagay na 'yun ay galing sa bahid ng pagkapagano. Yung mga pagano'y pinipinturahan nila ang mga sarili nila.

76 Oh, kapatid, kapag ang isang lalaki o babae ay nagpatuwid na sa Diyos, di mo na 'yun kailangang sabihin pa sa kanila; sila mismo'y mahihiya, sa sarili nila. Hallelujah! Ganoon nga.

77 "Grabe, haya't nalaman n'yo na lang bigla, na kanyang naimpluwensiyahan na ang mga Israelita na gawin din 'yung ganun." Napasabi na lang si Elias, "Panginoon, Iyo pong ipinid ang mga langit. Ikaw nga po'y gumawa tungkol dito."

78 Nagsalita ang Diyos at ang sabi, "Ngayon, Elias, sasabihin Ko sa iyo kung anong gagawin mo. Magpunta ka't mangusap kay Ahab."

79 At heto na ang matandang mangangaral, naglalakad dun, na ang suot-suot ay malaking piraso lang ng balahibo ng tupa na nakasaplot sa kanya nang paganoon, 'yung mukha'y sadya ngang pinagaspang maigi nung mga bigote't balbas na parang matatabang uod. Lumapit patungo dun sa hari at nagsabi, "Hamog man ay di babansag. . . o babagsak hanggang sa akin itong sabihin." Hallelujah! Siya nga'y nasa daan na inilaan ng Diyos. Siyanga, po.

80 "Ah, lumayas ka sa lugar na ito, ikaw na panatiko. Haya't, alam namin ang ginagawa namin."

81 Si matandang Elias ang sabi niya, "Panginoon, ano bang dapat kong gawin? Ikaw po ang siyang maglaan ng nalalabi pa sa daan. Akin na pong nagawa ang isang ito."

Sabi, "Umakyat ka sa ibayo sa tabi ng batis ng Cherith at doon ka maglumagi."

82 "Sige po, isang di kaaya-ayang lugar, pero ako'y aakyat dun at maglulumagi dun. Ikaw ang nagsabi, 'Umakyat doon.' Kung ang Iyong daan ay tumutugaygay dun, ako nga'y tatahak sa dakong 'yun."

83 Haya't tumahak na siya't naglumagi roon. Sabi, "Ngayon, Panginoon, ano pong gagawin ko sa dakong ito?"

"Maupo ka lang. Maglumagi ka lang diyan."

84 At malalaman n'yo na lang, siya'y nagsimulang magutom. Sabi niya, "Panginoon, para pong medyo nagugutom na ako." At heto ngang may uwak na paparating.

85 May iba sa kanila na ang sabi, "Tingnan n'yo 'yung matandang holy-roller na mangangaral na 'yun na nakaupo dun sa ibabaw ng burol. Aba, kung di ba nama't nababaliw na siya! Buweno, 'yang lalaki na 'yan, na nakaupo roon sa arawan, siya'y mamamatay. Aba, isa siyang panatiko."

86 At nalaman n'yo na lang, lahat ng mga tubiga'y natuyuan. Walang tubig para mainom, doon sa ibaba sa—sa buong lupain. Pero sa anumang sandali na gustong uminom ni Elias, yuyuko lang siya sa may batis ng Cherith at iinom. Tapos kapag siya'y nakararamdam ng gutom, hetong paparating ang uwak, na may dala-dalang tinapay na magkataklob sa kanyang tuka, na sabi, "Heto na, Elias."

87 Sasabihin n'yo, "Saan nakukuha nung uwak 'yung . . .? Ibig mo bang sabihi'y naniniwala ka roon, Kapatid na Branham?" Oo, naman. Oo, naman. "Ibig mo bang sabihin 'yung uwak na 'yun ay nagdala kay Elias ng makakain sa loob ng tatlong taon at anim na buwan?" Pinaniniwalaan ko nga 'yan. Sasabihin, "Saan naman niya nakuha 'yun?" Di ko po alam. Ang tanging bagay na alam ko, nakuha 'yun nung uwak kung saan, tapos dinadala niya kay Elias, kakainin ni Elias at buhay na si Elias dun nang tatlong taon at anim na buwan. Siyanga. Naniniwala ako roon.

88 Katulad na katulad 'yan ng . . . Sasabihin n'yo, "Ano bang nakakapagpagalak sa iyo? Ano bang nakakapagpakampay ng bisig mo?" Di ko alam. Ang tanging bagay na nalalaman ko, sa Kalbaryo'y binayaran na Ito, Ito ang itinuturo ng Biblia, dala-dala Ito ng Espiritu Santo, natanggap ko Ito. Hallelujah! Di ko malaman kung saan ba Ito nanggaling, pero natanggap ko Ito. Hallelujah! Ganoon nga. Di ko masabi sa inyo kung saan ba Ito nanggagaling, pero heto nga Ito rito. Oh, grabe! Binubunsod

Nito na 'yang amerikana ninyo'y magkasya sa inyo nang lapat na lapat. Ganoon nga. *Hallelujah!* Huwag n'yo pong ikabigla 'yan. Ibig sabihin lang n'yan ay "purihin ang Diyos." *Amen!* Ang ibig sabihin nama'y "siya nawa." Oh, grabe! Siyanga't, ito talaga. Di ko alam. . .

89 At sinasabi nila na siya'y nababaliw, sa pagkakaupo niya roon? Naku! Pagsapit ng oras na. . .Pagsapit ng oras na kakain na, heto nga ang maitim na tagahatid ng pagkain, sasabihin, "Heto na, Elias. Heto na ang agahan mo." Aba'y, mas mainam nga ang buhay niya roon kaysa sa kalahati ng mga tao rito sa gabing ito ngayon. Iniisip ko nga na wala nga halos sa inyo rito ngayong gabi na may itim na mga tagapagsilbi kayo. Pero siya nga'y may ilang maiitim na tagapagsilbi, may mga uwak siya na nagdadala sa kanya ng makakain kada oras na ng pagkain. Hallelujah! Luwalhati! Ang Diyos ay may silid-kainan sa kung saan; Siya ang naghahanda nun, nagluluto nun, ipinapadala sa kanya. Hallelujah! Ang siya ring Diyos na 'yun ay nabubuhay at naghahari ngayon.

90 Nanatili siya sa inilaang daan ng Diyos. Sinabi ng Diyos, "Umakyat ka roon at maglumagi," kaya 'yun ang ginawa niya. Yun lang ang alam niya na nararapat niyang gawin. Ano pong naiisip n'yo tungkol dun, sinasampalatayanan n'yo bang totoo 'yun? Totoo 'yun. Amen. Siyanga. po.

91 May munting dalagitang naglalakad sa kalsada isang araw, at ang sabi niya. . .Haya't bigla na lang, nagsabi siya. . . "Oh, hallelujah! Hallelujah!" Yung dalagita nga'y nakamit niya ang Espiritu Santo.

92 Mangyari ring may matandang di naniniwala sa Diyos na naroon sa may kanto, ang sabi, "Ano't sobrang tuwang-tuwa ka, dalagita?"

93 Sabi, "Oh, niligtas ako ni Jesus at pinuspos ako ng Espiritu Santo." Sabi, "Talagang masayang-masaya ako."

Sabi, "Sige, ano ba 'yang dala mo na 'yan sa kamay mo?"

Sabi, "Ang Biblia ko po."

Sabi, "Naniniwala ka ba Riyan?"

"Opo naman."

Sabi, "Naniniwala ka ba sa buong kabuoan Niyan?"

"Buong-buo po Nito."

Sabi, "Naniniwala ka dun sa kuwento tungkol kay Jonas?"

"Opo."

94 Sabi, "Ang ibig mo bang sabihin naniniwala ka na aktuwal na nilunok nung balyena ang lalaking 'yun?"

"Opo, naman. Naniniwala ako."

95 Sabi, “Paano mo mapapatunayan ’yan sa iba pang paraan maliban sa pananampalataya?”

96 Sabi nung dalagita, “Buweno, pagpunta ko sa Langit haya’t tatanungin ko po si Kapatid na Jonas.”

97 Sabi nung di naniniwala sa Diyos na ’yun sa dalagita, sabi, “Paano kung wala si Kapatid na Jonas sa Langit?”

98 Sabi, “Kung ganoon ay kayo po ang magtanong sa kanya.” Hallelujah! Haya’t ang natitirang lugar na lang para sa kanya, ay ’yung impyerno nga.

99 Kung tatanggihan mo ang daan ng Diyos, pupunta at pupunta ka ng impyerno. Narapat lang. Yun lang ang tanging iba pang daan. Kaya narito ka sa isang daan na ito o nandun ka sa kabila. Amen. Ganoon po ’yun.

100 Nakikinita ko siya roon, nakaupo roon at ’yung mga uwak ay nagdadala sa kanya ng makakain.

101 Lumakad siya roon. Bumaba siya ng burol, isang araw. At sabi ng Diyos, “Ngayon tuyo na ang batis. Nais Kong magpunta ka roon sa bahay ng isang balo.” Grabeng lugar ’yun na ang isang mangangaral ay pupunta! Sinabi sa kanya ng Diyos na magpunta. Yun ang inilaang daan. Humayo siya roon. At ’yung balo pa nga’y di siya isang Israelita, kung tutuusin. Hindi, siya nga’y hindi. At ’yung balo ay naglalakad-lakad dun. . . At heto ang lalaki na bumababa ng burol.

102 At nung makababa na siya ng burol, nakatagpo niya ’yung matandang balo na nakatayo sa isang bakuran, may pinuputol na patpat na hawak-hawak niya. Sabi, “Pumasok ka ng bahay at bigyan mo ako ng makakain, at dalhan mo na rin ako ng tubig.”

103 Sabi nung balo, “Hangga’t buhay ang Panginoon, at ang kaluluwa mo’y di pa yumayao, ako po’y may sapat lamang na harina sa bahay para gumawa ng isang maliit na tinapay para sa aking anak na lalaki. Heto po’t pumupulot ako ng dalawang patpat nang sa gayon maluto ko ang tinapay na ito, at ang anak ko’t ako’y kakainin ito at mamamatay na pagkatapos.”

104 Sabi, “Dalhan mo ako ng kaunting tubig, muna, at iluto mo ang tinapay na ’yan at dalhin mo ’yan sa akin.” Hallelujah!

105 Anong gagawin ng babaing balo? Hayan nga ang inilaang daan ng Diyos. “Hanapin muna ninyo ang Kaharian ng Diyos at ang buo Niyang katuwiran.”

106 Sasabihin n’yo, “Kapatid na Bill, ang nanay ko’y naglayas ng bahay. Ang asawa ko namang lalaki’y ayaw na sa aking makisama.”

107 “Hanapin muna ninyo ang Kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran,” hallelujah, “at lahat ng mga iba pang bagay na ito’y idadagdag.” Tama.

108 "Papaano ko ito maaalpasan, Kapatid na Bill?" Umusad ka lang at gawin mo 'yun. Sinabi ni Jesus, "Sundan ninyo Ako." Tama. Ituon mo lang ang iyong mata sa wala ng iba pa. Sige't ganoon nga.

109 At nalaman n'yo nga, pumasok na ang babaing balo, dinala niya itong dalawang patpat at pinutol ang mga ito. Alam n'yo ba 'yung makalumang pamamaraan ng mga Indian kung paano sila nagpuputol ng patpat? Pakrus po, ganoon nga. At sa krus na 'yun, magsisiga sila ng apoy sa mismong gitna nun. Doon nga pasisilabin 'yung apoy, sa hurnuan na 'yun para sa tinapay na lapad.

110 Dinala 'yung lapad na tinapay na 'yun at ibinigay 'yun sa mangangaral, at ang mangangaral ay humimpil dun at kumain. Sabi, "Ngayon bumalik ka't gawan mo rin ang sarili mo at ang anak—anak mong lalaki. Sapagkat, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang gusi ay di makukulangan, ni ang banga man ng langis ay matutuyo, hanggang sa araw na ang Diyos ay magpadala ng ulan sa lupa." Hallelujah!

111 Ano 'yun? Dahil inuna niya muna ang Kaharian ng Diyos, dahil siya'y lumakad sa daang inilaan ng Diyos, binigyang-pala siya ng Diyos. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga, po.

112 May isa pong babae isang beses na nawalan ng kapatid na lalaki. Ang pangalan nung lalaki ay Lazaro. Oh, isa nga siyang mainam na lalaki; ayaw sana nung kapatid niyang babae na sukuan siya. At namatay naman siya. Kaya ang ginawa nung kapatid na babae'y nagpasugo siya para sa kanyang pastor, o sa ebanghelista, na si Jesus. Siya nga'y lumabas ng iglesya, at isinuko niya ang lahat ng mayroon sila. At nagsugo siya kay Jesus para magpunta roon, manalangin, at ang ginawa naman ni Jesus ay nagpatuloy lang. Nagsugo siya uli, at nagpatuloy lang si Jesus. Sabi ni Jesus, "Wala Akong gagawin na anumang bagay liban na ipakita muna sa Akin ng Ama." Ipinakita na ng Ama sa Kanya na si Lazaro ay mamamatay.

113 Si Jesus ay dumating din naman, nang medyo atrasado na, na mga tatlo o apat na araw na ang lumipas. Sabi Niya, "Si Lazaro ay patay na, at ikinagagalak Ko na dahil sa inyo rin na Ako'y wala roon. Pero Ako'y magpupunta para gisingin siya."

114 Kaya nung malaman ng babae na paparating si Jesus, siya nga'y sumalubong para katagpuin Siya.

115 Yun nga ang inilaang daan ng Diyos, katagpuin si Jesus. Ganoon nga 'yun, sa tuwina. Sa tuwing may kalungkutan ka sa inyong tahanan, katagpuin n'yo si Jesus. May karamdaman sa inyong tahanan, katagpuin si Jesus. May kabagbagan ng puso sa inyong tahanan, katagpuin si Jesus. Hallelujah! Kung may bagay nga kayo na pangangailangan, katagpuin si Jesus. Inyo ngang katagpuin si Jesus. Nasa Kanya ang lahat ng remedyo, lahat ay

naroon; di lang basta remedyo ang dala Niya, ang dala Niya'y lunas mismo. Amen.

Pagkatapos sinalubong na niya Siya, at siya'y nagpatirapa sa Kanyang paanan.

116 At may nabasa siyang kuwento noon, isang beses, kung saan may isang babae nang matagal nang panahon sa Biblia, at isa itong Sunamita. Ganoon na lamang ang pag-aasikaso ng babaing ito sa isang mangangaral na 'yun na ang pangalan ay Eliseo. Mangyaring naghanda pa siya ng maliit na kuwarto sa gilid ng kanyang bahay roon, naglagay dun ng mahihigaan at isang kandila at mauupuan, at iba pa. At nung makapunta na roon si Eliseo at nakita ang lahat ng kabutihan na inihanda ng babae para sa mangangaral, na nagkaloob ng ikapu't lahat na, alam n'yo. Kaya ang sabi ng mangangaral, "Humayo ka lang at humingi, titingnan namin kung anong magagawa namin, kung kailangang makipag-usap sa hari o sa punong kapitan man."

117 Sabi nung babae, "Mananatili ako rito sa mga kababayan ko't lahat ay magiging maayos naman."

Sabi, "Sige, puntahan mo ang babae at tanungin mo siya kung anong magagawa ko." Sabi ni Gehazi, "Siya'y baog. Wala siyang anak."

118 Sabi, "Puntahan mo siya't sabihin, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'Sa ganitong panahon din ng taon, ayon sa panahon ng buhay, haya't siya'y pagkakalooban ng anak na lalaki." At ang babae nga'y nagkaroon ng anak na lalaki.

119 At 'yung bata'y sumapit ng labing-isa o labing-dalawang taong gulang. Isang araw, nung magtatanghali na noon, siya nga'y nasa bukid kasama ang kanyang tatay, sa tingin ko'y ang bata'y nabilad nang husto sa araw. Nagsisigaw siya, "Ang ulo ko! Ang ulo ko!" Yung tatay ay nagsugo ng mga katulong para dalhin ang batang 'yun, ang binatilyong 'yun. Ibinaba siya't kinalong ng kanyang nanay. Nung tanghali na'y namatay ang bata.

120 Heto't isa ngang naaangkop na lugar! Inihiga siya ng nanay niya sa higaan nung mangangaral, kung saan nahiga noon ang propeta. Isa nga 'yung mainam na lugar para puntahan. Doon mismo inihiga sa higaan ng mangangaral.

121 Sabi nung babae, "Siyahan mo ako ng mola ngayon din at umusad ka, at huwag kang titigil sa pangangabayo hangga't sabihin ko."

122 Gustung-gusto ko nga 'yun. Umusad lamang at huwag na huwag hihinto! Magpatuloy lamang. Siyanga.

123 Ang problema nga'y, humihinto tayo at kung sinu-sino ang kinakausap. Malimit tayong huminto para sa napakaraming kung anu-anong kasiyahan ng pakikisalamuha. Malimit tayo sa patahi-tahi na 'yan, at mag-oorganisa ng grupo ng patahi-tahi,

alam n'yo, tahi-rito tahi-roon at pag-uusapan lang naman pala si Binibining *Ganito-at-ganoon*. Si *ganito'y* alam n'yo naman siguro ang nangyayari. Lahat nga nitong kung anu-anong iba't ibang bagay na pumapasok sa iglesya. Na, ang dapat sana'y iwaksi n'yo palabas ang lahat ng mga kung anu-anong nagpapa lubog sa iglesya, at magkaroon dapat ng makalumang, rebaybal na Diyos mismo ang nagpadala; puspusang manalangin nang manalangin, hanggang sa makapanumbalik kayo, na bababa ang Langit at ang Espiritu Santo'y darating na parang malakas na humahagibis na hangin at pupunuin ang buong dako at ang mga tao. Amen. Yan na 'yan ang kailangan natin.

Sabi ng babae, "Huwag na huwag kang hihinto."

124 At sabi ng asawa niya, "Ang ginoo'y wala roon sa Carmel." Sabi, "Tapos hindi pa bagong buwan o sabbath."

125 Sabi niya, "Ayos lang ang lahat." Ganoon na lamang ang pagnanais niya na makadako sa propeta. Kaya nagpatuloy siya.

126 Tumanaw si Eliseo at ang sabi, "Hetong paparating ang Sunamita. May suliranin yata siya; di ko alam kung ano ito."

127 Dagling dumulog ang babae. At ang sabi ng propeta, "Ayos lang ba ang lahat sa iyo at sa asawa mo, sa anak ninyo?"

128 Sabi niya, "Ayos lang po ang lahat." Gustung-gusto ko 'yan. Tumahak siya sa inilaang daan ng Diyos. Sabi, "Ayos lang po ang lahat ngayon." At pagkatapos inilahad niya 'yun.

129 Sinabi ng alagad kay Elias, sabi, "Humayo ka't, kunin mo ang aking tungkod at ilapat sa. . . " O, sinabi pala kay Gehazi, "Humayo ka't kunin mo ang tungkod ko at ilapat sa bata."

130 Pero sabi ng balo, "Di po kita iiwan." Kaya ang propeta na mismo ang humayo, nanalangin, nagpalakad-lakad ng paroo't parito sa silid, inilapat ang kanyang katawan sa ibabaw ng patay na bata, at nabuhay ang bata.

131 Yung babae, si Marta, batid nga niya na napagkilala nung Sunamita na ang Diyos ay nasa Kanyang propeta. At kung ang Diyos ay nasa Kanyang propeta, siguradong-sigurado na ang Diyos ay nasa Kanyang Anak. Kaya kung makadudulog lang si Marta kay Jesus, matatanggap niya ang lunas. Kaya nagmadali siya roo't nagpatirapa sa harapan Niya. Sabi niya, "Panginoon, kung. . . " Siya nga'y Panginoon. "Panginoon, kung Ikaw po'y narito sana noon, ang kapatid ko pong lalaki'y disin sana siya namatay. Pero, gayumpaman, anuman ang Iyo pong hingin sa Diyos, gagawin 'yun ng Diyos." Oh, gustung-gusto ko 'yun. "Gayunman, anuman ang Iyong hingin sa Diyos, gagawin 'yun ng Diyos."

132 Hanggang sa gabing ito'y may talab pa rin ito. Sasabihin n'yo, "Isa naman akong makasalanan, Kapatid na Branham." Gayunman, anuman ang hingin n'yo sa Diyos, gagawin ito ng Diyos. "Ikaw po'y mahabag sa akin, isa akong makasalanan,"

at gagawin Niya 'yun. Kung may sakit ka, "Mahabag Ka po sa akin, Panginoon," at gagawin Niya 'yun ano't anuman. Sabihin n'yo man, "Sinukuan na mismo ako ng doktor; pero, gayunman, Panginoon! Limang taon na akong di nakakalakad; pero, gayunman, Panginoon! Matagal na akong di nakakarinig, nang di ko na alam kung kailan pa; gayunman, Panginoon. Matagal na akong di nakakapagsalita, nang di ko na alam kung kailan pa, pero gayunman, Panginoon." Anuman ang hilingin n'yo sa Diyos, at Siya'y nakaupo sa kanan ng Ama, namamagitan sa batayan ng inyong pagtatapat. Hallelujah!

Sabi, "Gayunman, anuman ang Iyong hingin sa Diyos, gagawin 'yun ng Diyos."

133 Itinuwid Niya ng tayo ang Kanyang munting sarili, sabi, "Ang kapatid mo'y magbabangon muli."

134 Sabi, "Oh, tama po, Panginoon, sa pangkalahatan pong pagkabuhay na mag-uli sa huling araw, siya'y babangon muli."

Sabi Niya, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay." Oh, grabe!

135 Sabi ng Biblia, "Walang anyo ng kagandahan na sa Kanya nga'y masusumpungan, isa lamang munting Tao na mahina ang itsura." Pero nagwika Siya. . .Noong ituwid Niya ng tayo ang Kanyang Sarili, hayun nga roon ang Diyos.

136 Sabi Niya, "Ngayon magbabangon muli ang iyong kapatid na lalaki." Sabi, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay," sabi ng Diyos. "Ang sumasampalataya sa Akin, gayong siya ma'y patay, ay anupa't mabubuhay siya. Sinumang nabubuhay at nananampalataya sa Akin ay di na kailan pa mamamatay. Sinasampalatayanan mo baga ito?"

137 Sabi niya, "Opo, Panginoon. Sinasampalatayanan ko na Ikaw ang Anak ng Diyos na paparito sa mundo."

138 Sabi, "Saan n'yo siya inilagak?" Dito nga'y unti-unti Siyang nagpunta sa libingan. Tumangis si Jesus.

139 May babae na nagsabi sa akin di pa katagalan. . .isa pong mainam na babae, isang Christian Science na di naniniwala na si Jesus ay. . .naroon ang pagka-Diyos. Naniniwala ang babae na Siya'y propeta. Naniniwala ang babae na si Jesus ay isang mabuting tao, pero di raw Siya't di raw Siya ipinanganak ng isang birhen. Di nila tinatanggap ang birheng kapanganakan.

140 At di lang 'yan, haya't may pagsisiyasat na nagpapakita na otsenta y singko porsiyento ng mga Protestanteng mangangaral ng Estados Unidos ang nagsasabing ang birheng kapanganakan ay peke. Ganoon daw. Madali namang masabi ko na 'yan ang paniniwala n'yo, madali kong sabihin 'yan base na rin sa buhay na ipinamumuhay n'yo. Haya't 'yun mismo ang katotohanan, tapos ang paniwala nila'y peke ito. At mas malaki pa roon ang porsiyento ng di naniniwala na si Jesus ay babalik muli nang

may pagpapakita. Di na nga nakakapagtakang kailangan na kailangan natin ng isang rebaybal!

141 Kapatid, pakinggan n'yo ito. Napakarami n'yong naririnig patungkol sa rebaybal, sa panahon ngayon. Pero wala na talaga tayong rebaybal.

142 May sinundan akong isang lalaki, dito di pa katagalan, na malimit nilang pag-usapan ang bagay na ito. Sabi, "Nagpunta siya sa isang siyudad at nakaakay raw siya roon ng limang libo." Kami nga'y sumunod pagkatapos nun, (di po ako) may isang grupo po roon ng mga ministro, at nagdala ng mga card at binisita uli 'yung mga tao, at sa loob ng tatlumpung araw ay wala silang masumpungan dun na mga tatlumpu man lang na nagsasabing ligtas sila. Alam n'yo po ba ang naiisip ko sa ganito? Sa tingin ko'y tinamaan naman ang kanilang budhi na sila'y makasalanan pero di talaga 'yun pagbabago, na anupa't ang isang tao'y naipanganak nang muli sa Espiritu ng Diyos.

143 Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay di pahabaan ng pagtitipon, bagkus isang makaluma't, Diyos ang nagsugo, na Espiritu Santong rebaybal; isang makalumang, nakasilong sa asul na langit, na pumupuksa-ng-kasalanan, na hinugasan-ng-Dugo na relihiyon. Amen. Ibinubunsod ka na isauli mo ang mga kinuha mong mga gamit sa pagkukumpuni ng gulong at ika'y magsisi. Ganoon nga.

144 Sabi nung babae, haya't ang sabi niya, "Buweno, tingnan mo rito, Kapatid na Branham, mapapatunayan ko mismo sa iyo na Siya'y wala nang iba't tao lamang."

145 Sabi ko. "Sige po. Kung mapapatunayan mo sa akin na Siya'y di Diyos, tatanggapin ko kung ganoon."

146 Sabi niya, "Hindi nga, di talaga Siya Diyos. Talagang isang tao lang Siya. At mapapatunayan ko 'yan mismo sa Biblia, na Siya'y isang tao lang."

147 Sabi ko, "Sige po't kung mapatunayan n'yo sa Biblia, sige't tatanggapin ko po." Sabi niya, "Sige't handa ka na ba?" Sabi ko, "Handa na ako."

148 Sabi niya, "Noong panahon na nagpunta Siya roon, sa San Juan 11, noong pumunta Siya noon sa libingan ni Lazaro, Siya nga'y tumangis."

Sabi ko, "Ano pong kinalaman nun dun?"

149 Sabi, "Aba'y, pinatutunayan n'yan mismo na Siya'y wala nang iba't tao lamang, Siya kasi'y tumangis."

150 Sabi ko, "Tingnan n'yo po rito, ginang. Oo't isa Siyang tao, totoo 'yan, pero Siya'y higit sa isang tao. Isa Siyang Taong-Diyos."

151 Ang Diyos ay naroon kay Cristo, ipinapakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang sarili. Siyanga, po. Siya'y dumating para

gawin ang kalooban ng Ama. Lumakad Siya sa daan na inilaan ng Diyos. Di Siya bumaling sa kanan o kaliwa man; ginawa Niya ang sinabi ng Diyos na gawin. Siya ang daan na inilaan ng Diyos.

152 At doon sa daan patungo kay Lazaro, tumangis Siya. Isa nga Siyang tao sa Kanyang pagtangis.

153 Pero nung tumayo na Siya roon sa tabi ng libingan, kung saan nakalagak ang isang lalaking patay na nang apat na araw; at 'yung mga gumagapang na mga uod ay nagsisipasukan at nagsisilabasan sa kanyang katawan, at umaalingasaw na ang mabahong amoy; noong sabihin nga Niya, "Lazaro, lumabas ka," haya't ang isang lalaki na patay na nang apat na araw, anupa't siya'y tumayo sa kanyang paa at buhay na muli. Higit nga 'yan sa isang tao. Hallelujah! Siyanga, po. Isa Siyang tao sa pagtangis, pero Siya'y Diyos sa pagbubuhay na mag-uli.

154 Isa Siyang tao nung bumaba Siya ng bundok, nung gabi na 'yun, na gutom, naghahanap sa paligid, sa mga puno-puno, ng makakain. Isa Siyang tao nung Siya'y nagugutom.

155 Pero nung kunin na Niya ang limang tinapay at dalawang maliliit na piraso ng isda, at nagpakain ng limang libong tao, higit nga 'yun sa pagiging basta tao lang. Diyos mismo 'yun na nasa laman. Hallelujah!

156 Isa Siyang tao nung mahiga Siya dun sa bangka isang gabi, nung lumabas ang bisa mula sa Kanyang damit; na anupa't Siya'y nanghina talaga na kahit 'yung, pagdagundong na nung nangangalit na dagat, na anupa't sampung libong mga diyablo ang nagpanata na kanilang lulunurin Siya nung gabi ring 'yun; hayun nga roon ang munting lumang bangka, paalog-alog sa dakong 'yun, na parang takip ng bote sa ibabaw ng nangangalit na dagat. Batid ko na isa Siyang tao sa Kanyang pagkakahiga roon, natutulog, pero nung sabihin nila, "Wala bagang anuman sa Iyo kung mapahamak tayo?"

157 Isinampa Niya ang Kanyang isang paa sa may gilid ng bangka, sabi, "Pumayapa, tumahimik ka," at pumayapa. Higit nga 'yun sa pagiging tao. Hallelujah! Yun nga mismo ang aking Diyos. Hallelujah! Tama, ganoon nga Siya; oo, tama, siyanga.

158 Isa Siyang tao sa Kanyang pagkakabayubay sa Kalbaryo, nung maigawad nila sa Kanya ang pinaka malaking parangal na maibibigay nila. Noong sabihin nila, "Iniligtas Niya ang iba, Kanyang Sarili'y di naman Niya mailigtas." Isang kahanga-hangang pagpaparangal nga, o pagpupuri, na iginawad nila sa Kanya. Kung iniligtas Niya 'yung iba't ang Kanyang Sarili, di Niya maililigtas ang iba. Kaya, kinailangan Niyang ibigay ang Kanyang Sarili, nang sa gayon mailigtas ang iba. Isa Siyang tao nung sumigaw Siya para sa habag, nung sabihin Niya, "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" Siya'y namatay na parang isang tao. Totoo naman 'yun.

159 Pero nung bumangon na Siya noong umaga na 'yun ng Pagkabuhay, pinatunayan Niya na Siya'y Diyos. Di na nga nakapagtatakang sinabi ng propeta:

Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;
Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala;
Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y ariing ganap nang walang bayad kailanman;
Balang araw Siya nga ay darating, Oh araw na walang kasing ningning!

160 Hallelujah! Ganoon na lamang na iniibig ko Siya. Kayo rin po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Lumakad kayo sa daan na inilaan ng Diyos.

161 Nakikinita ko nga ang ilang lalaking pantas, isang beses, na haya't sila'y naglalakbay patungo sa kapanganakan Niya, para sambahin Siya. Nakikinita ko sila na nagsisipaghanda na. Kinakargahan na nila ng bitbitin ang kanilang mga kamelyo.

162 Nakikinita ko si Jim Jones at lahat sila roon, at si John Doe, na nagkakarga na. Nakikinita ko sila na inilalagay na nila itong mga mesa ng pagbabaraha, isasabit sa gilid na ito nang *paganoon*, at inilagay na nila roon ang lahat na ng iba pa, at sila'y pabiyahe na para sambahin si Jesus. Natuklasan nila, sa kanilang pagpunta na roon, sa loob-loob nila'y di kaya nung mga matatandang kamelyo na lumakad.

163 Yan nga ang problema sa kaiglesyahan sa panahon ngayon. Kung anu-anong makasanlibutan ang ikinakarga n'yo, kaya naman hinihila kayo pabalik. Siyanga.

164 Nakikinita ko siya na pasulong na dun, at lahat sila. Sila'y sumapit na dun sa gilid ng bundok sa ibayo, di nga nila kayang makaalpas dun, dahil, "Makipot ang pintuan at makitid ang daan, na anupa't kakaunti lamang ang makasusumpong nun." Siyanga, po.

165 Nakikinita ko ang isang matandang lalaki na nagkakarga, magaan lamang ang kinakarga niya, dahil, "Ako'y nagkakarga, patungong Langit."

166 Kapatid, di nga ako nagkakarga, patungong Langit. Ang ginagawa ko'y nag-aalis ng karga, sa pagtungo ko sa Langit. Hallelujah! Pagkatapos, sa Pag-agaw, iwan ang lahat ng ano pa mang ibang bagay. Sinabi ng Biblia, "Itabi natin nang walang liwag ang bawat pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa akin, na ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhin na ito."

167 Nakikinita ko ang matandang lalaki na 'yun na palakbay na siya, kita n'yo. Nakikinita ko ang asawa niya, na sinasabi, "John, anong mayroon, mahal? Saan ka papunta?"

Sabi, "Sasamba ako sa Panginoon."

"Paano mo malalaman kung saan ka papunta?"

"Basta, ako'y magpupunta."

168 "Buweno, wala ka ngang dalang kompas. Ni di mo nga dala 'yung lisensya ng pagka-ministro mo. Ano bang nangyayari sa iyo? Tatanggapin ka kaya nila roon? Di ba't sasamba ka kamo sa Panginoon?"

"Oo."

"Dalhin mo itong kompas mo."

"Hindi na, di ko na 'yan kailangan."

"Di mo na kamo kailangan? Paano ka makakarating dun?"

169 Nakikinita ko siya na tumuturo dun sa Tala sa umaga, sabi, "Tatahak ako sa daan na inilaan ng Diyos." Amen. Ang Diyos ay may inilaan na Tala, para pangunahan ang mga lalaking pantas. Di nila kailangan ng kompas. Ang kailangan nila'y ang inilaang daan ng Diyos, 'yung Tala. Maluwalhati!

170 At 'yung siya ring Diyos na nanguna noon sa mga lalaking pantas patungo kay Cristo, sa pamamagitan ng Tala, ay narito ngayong gabi sa anyo ng Espiritu Santo, para pangunahan kayo tungo kay Cristo, sa bagong Kapanganakan, sa bautismo ng Espiritu Santo, na siyang inilaang daan ng Diyos. "Maliban na ang isang tao'y maipanganak sa tubig at Espiritu, hindi niya makikita ang Kaharian ng Diyos." Mga lalaki't babae, inyo na bang natanggap Ito?

171 Ubos na po ang oras ko. Oh, grabe, pakiramdam ko nga'y parang gusto ko pang magpakalalim pa rito. Ibulsa ko lang dito sa pantalon ko itong kamay ko po, at talagang mangaral nang mangaral na parang isang matandang mangangaral na sadya namang ganadong-ganado. Bakit? Gustung-gusto ko po talaga. "Naku, gusto kong tumikim ng sorbetes," pero kinakailangan n'yo rin namang may tocino't bitsuwelas kayo sa gilid ng plato n'yo. Yun bang makakapagpabusog sa inyo, 'yung magbibigay talaga sa inyo ng sigla. Yun kasi ang kailangang-kailangan natin. Di po ba't sinasampalatayanan n'yo 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Totoo.

172 Ang Diyos ay may inilaan nang daan. Kayo po ba'y naroon na Mismo ngayong gabi? Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo mula nang sumampalataya kayo? Ngayon sa inyo po na mga mabubuti kong kaibigan na Baptist, at alam n'yo naman na ako'y kabilang. . . Isa po akong Baptist dati, at ang pastor ko po rito'y isang Baptist. Pero gusto ko pong sabihin sa inyo ang isang bagay. Sinasabi ng Mga Gawa 19, "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo simula ng manampalataya kayo?" Di sinabi ritong *noong* manampalataya kayo, kundi ang sabi'y "simula" nang manampalataya kayo. Siyanga, po. Kung kayo'y hindi pa, Ito'y para sa inyo sa gabi pong ito. Ang Diyos ay may inilaan mismong daan.

173 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, huwag na huwag n'yo pong susubukan na tumahak sa sarili n'yong daan. Huwag n'yo pong idaan sa dahon-dahon lang ng igos. Huwag n'yong asamin na magpapalutang-lutang kayo sa troso, gaya nung ginawa nila noon sa pangmalawakang pagkawasak sa baha. Huwag n'yong damitan ang sarili ng mga dahon ng igos, gaya ng ginawa noon ni Adan. Huwag na huwag kayong tatahak sa daan na tinahak ni Haring Nabucodonosor, na inusig niya ang Iglesya ng Diyos. Huwag na huwag kayong mapapadpad sa lahat nitong iba pang mga daan, na mga iba't ibang anyo at pamamaraan, na kung maari'y ma- . . . marami tayong mababanggit.

174 Huwag kayong tumahak na parang ginawa ng mga Fariseo, na mga relihiyosong mga tao pa man din, na ang sabi, "Ngayon tumingin kayo rito, kami'y nasa nakatataas na posisyon. At kung may bagay nga na nangyayari, malalaman at malalaman namin ito."

175 At pumasok doon ang Diyos nang palihim, at isang Sanggol ang ipinanganak sa Betlehem sa isang sabsaban, na sa ganoon Siya dinala papasok ng mundong ito; at paalis ng mundong ito, sa pamamagitan naman ng hatol na kamatayan; at wala nga silang kamalay-malay sa bagay na 'yun. Siyanga! Ang inilaang daan ng Diyos.

176 Oh, isang beses may isang babae, naubos na niya ang lahat ng pera niya. Hallelujah! Wala na noong magawang remedyo sa kanya ang mga doktor. At isang araw para bang hihimatayin na lang siya. Siya'y may pag-aagas ng dugo, nang maraming, maraming taon. At isang araw narinig niya ang pagkakaingay sa isang bangka. Tumanaw siya, at hayung parating ang daan na inilaan ng Diyos! Yun nga'y . . . ?. . . Oh, grabe!

177 Nakikinita ko ang babaing 'yun na sumingit-singit siya dun sa umpukan ng mga nagtataasan, na mga primera klaseng mga Baptist. "Ang araw ng mga himala'y lumipas na." Siya nga'y sige't gumapang sa mismong mga pagitan ng binti nila. Sila'y nagsisiusog tuloy.

178 Nakikinita ko nga siya na padaan na siya dun kay Brigham Young at sa lahat ng mga asawa niya; ang babae nga'y sige lang sa paggapang dun. Anong sinabi nung babae?

179 Nauulinigan ko sila na sinasabi, "Huminto ka riyan! Saan ka pupunta, samantalang wala na ngang anupamang remedyo pa ang puwedeng magawa sa iyo ng manggagamot? Saan ka ngayon pupunta kung ganoon? Pansin nga kita riyan, na may pag-aagas ka ng dugo."

Sabi niya, "Pupunta ako sa daang inilaan ng Diyos."

180 "Saan naman 'yun? Huwag mong sabihin na 'yang ipokrito na 'yan ang tinutukoy mo?"

"Mangyaring doon po ako papunta. Doon ako papunta."

181 Talagang nakipagsiksikan siya roon, at kung saan-saan sumuot, hanggang sa mapadpad siya sa isang lalaki sa isang banda rito. At 'yung lalaki'y kasapi siya sa—sa *isang* naturang iglesya, at sa *ganito* at *ganoon*, at lahat sila roon ay pilit siyang pinaaatras. Pero nagawa niyang makarating kay Jesus.

182 May ilan sa kanila roon na nagsasabi, "Sandali lang muna, kapatid na babae. Kung kumakain ka ng karne, haya't di mo puwedeng gawin 'yan." Pero siya nga'y tumatahak sa inilaang daan ng Diyos.

183 "Kung di ka pa nakahahawak ng mga ahas, haya't di mo puwedeng gawin 'yan." Pero siya'y tumahak sa daan na inilaan ng Diyos. Gustung-gusto niyang makalapit kay Jesus. Siyanga.

184 Naiisip ko si David ng sinaunang panahon. Hallelujah! Siyanga, po. Noong sabihin niya roon noon na . . . Noong may sinabi siya tungkol sa . . . Sabi niya, "Tikman at tingnan ninyo na ang Panginoon ay mabuti. Ito'y lasa na gaya ng pulot sa may bato." Isang munting lumang pagsasalarawan na ginagamit ko dati, iniisip ko nga 'yung lumang supot na dala-dala nung araw ng mga pastol sa kanilang gilid *dito*, isang munting sisidlan na pinaglalagyan nila ng pulot, 'yun nga ang ginagawa ng mga pastol noong araw. At kapag 'yung may sakit na . . . 'yung tupa ay magkakasakit silang lahat, ang gagawin nga nung pastol ay kukuha siya ng kaunting pulot mula dun sa lalagyang supot at ilalagay sa ibabaw ng batong apog, at tatawagin ang tupa na may sakit at hahayaan ang tupa na 'yun na may sakit na dila-dilaan 'yung bato na 'yun. At sa pagdila-dila nila roon sa pulot na 'yun na nasa bato, 'yung tupa nga'y madidilaan din niya 'yung ilang bahagi nung batong apog habang dinidilaan 'yung pulot. At alam n'yo kung anong mangyayari? Gagaling mismo 'yung tupa.

185 Ngayon tingnan n'yo nga rito, kapatid. May dala-dala ako ritong isang buong supot na punung-puno Nito, ngayong gabi. At di ko ito ilalagay sa ibabaw ng iglesyang Baptist, iglesyang Methodist, iglesyang Presbyterian, o iglesyang Pentecostal man. Ilalagay ko nga Ito kay Cristo Jesus, kung saan mismo Ito nararapat, at kayo na mga tupang may sakit sa pagdila n'yo ay pihadong may makakamit kayo na isang bagay mula Rito. Siyanga, po. Dumila lang kayo sa Kanya. Gaya nung kaawa-awang lalaki na 'yun, na inilibing, at . . . ? . . . Dumila lang kayo sa Kanya; inyo nga itong makakamit at makakamit.

186 Huwag n'yong pansinin anuman ang sabihin ng iglesya n'yo. Ituon n'yo ang buo n'yong pansin kay Cristo. Siya ang sundan n'yo, dahil, sa Kanya, Siya ang Iglesya! Nakikita ko, kayo nga'y tumahak sa daan na inilaan ng Diyos. Kailanman ay di Niya sinabi na ang Methodist ang daan na inilaan ng Diyos, di rin Niya sinabi na ang Baptist daw, o anupamang ibang iglesya. Ang sinabi Niya, "Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay."

Sasabihin n'yo, "Buweno, papaano Nito malalaman na ako nga'y nasa Kanya?"

187 "Sa pamamagitan ng isang Espiritu anupa't tayong lahat ay nabautismuhan patungo sa iisang Katawan, naging bahagi ng Katawan na ito." Unang Mga Taga-Corinto 12, ganoon nga, ipinasasakop sa Diyos . . .

188 Lahat ng Kanyang pagmamay-ari sa Kanyang Kaharian ay sa atin. Ang ginagawa lang Niya'y kinukuha 'yung buong-buo't makapal na Libreta na punung-puno ng mga tseke, at ilalagda ang Kanyang Pangalan sa ilalim, sasabihin, "Heto na, anak. Anumang bagay na kailangan mo, sige't kunin mo." Amen.

189 Huwag kayong matakot na sulatan ito. Sulatan n'yo ito at itagubilin n'yo, "Salamat sa Iyo, Panginoon." Hallelujah! Ang bagay na 'yun ay magaganap.

190 "Lahat ng bagay na inyong inaasam," Marcos 11:24, "inyo lamang na ipanalangin, sampalatayanan na inyong natanggap na, haya't inyong kakamtin."

191 Sulatan n'yo mismo ang tseke, sabihin, "Panginoon, kinakailangan ko ng kagalingan." Pumilas kayo roon, sabihin, "Heto Ka nga, Panginoon, humihiling ako sa Pangalan ni Jesus ng kagalingan." Sabihin n'yo. "Salamat sa Iyo, Panginoon," at sige't humayo ka, na nananampalataya sa kagalingan na 'yan. At babalik at babalik ang tugon sa inyo, na gaya ng mga uwak na naghahatid ng pagkain na 'yun kay Elias. Hayan nga ito.

192 Sasabihin, "Kailangan ko ng kaligtasan ng kaluluwa ko." Anong gagawin mo? Isulat n'yo lang ito at sabihin, "Ang sabi, 'Magsiparito kayo sa Akin, kayong lahat na mga nangapapagal at nabibigatang lubha, at kayo'y Aking pagpapahingahin.' Ito nga'y para sa akin, Panginoon." Sulatan n'yo lang ang tseke. "Kailangan ko po ng kaligtasan. Iyong ipagkaloob ito sa akin, Panginoon."

"Heto na Ito."

"Salamat sa Iyo, Panginoon." Hahayo kayo na kamit-kamit n'yo na 'yun.

193 Kailangan n'yo ng Espiritu Santo? Siyanga, po. "Kayo'y magsipanatili sa siyudad ng Jerusalem hanggang sa kayo'y masangkapan ng Kapangyarihan na nanggagaling sa Itaas. Pagkatapos nito na ang Espiritu Santo'y lumukob na sa inyo, kayo'y magiging saksi Ko sa Jerusalem, Judea, at Samaria, at hanggang sa pinaka dulong bahagi ng mundo." Naniniwala ba kayo Rito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sulatan n'yo lang ang tseke at itagubilin ito, na napirmahan, tingnan n'yo mismo ang mangyayari. Ibibigay Ito ng Diyos. Inilaan na daan ng Diyos. Naglaan Siya sa inyo ng Libreta ng mga tseke, kaya humayo na kayo't sulatan na ito. Ipinangako na mismo Ito ng

Diyos. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? ["Amen."] Tunay. Ang Diyos ay may inilalaang daan sa tuwina.

194 May isang munting lalaki na nagngangalang Jairo, noong araw. Oh, mistula ngang napasama't napasali siya sa grupo ng mga di mananampalataya.

195 Katulad nga ng marami sa mga mangangaral, sila nga'y napapasali rin sa mga ganoon sa panahon ngayon. Sinabi na mismo ng Biblia, "Huwag kayong makipamatok sa mga di mananampalataya." Ganoon nga 'yun. Haya't malalaman n'yo na lang. . .

Iniisip ko nga't sino bang nagsabi nun? Kayo ba?

196 Buweno, Biblia na mismo ang nagsabi, "Ang mga tanda na ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya. Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo, magsasalita ng bagong wika, magsisihawak ng mga ahas, makainom man ng mga bagay na nakamamatay; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Ipangaral n'yo nga Yan, kalahati sa mga kaiglesyahan, sa panahon ngayon, kayo nga'y sisipain nila palabas ng pinto. Ganoon nga. Ganoon nga. Di man nalalaman ang daan na inilaan ng Diyos, pero 'yun nga mismo ang sinabi Niya. Yun mismo ang sinabi ni Jesus. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga, po.

197 At kung ganoon naman pala ang sinabi Niya mismo, amen, akin nga 'yang sinasampalatayanan. Iniisip ko na Katotohanan mismo Ito, at tatahak ako sa Kanyang daan, sa bagay na sinabi Niya na gawin. At pinatototohanan Niya Ito sa pamamagitan ng mga tanda, mga kababalaghan, na lumalakip. Tama.

198 Kaya ganun mismo ang siya ring gawin n'yo, lumakad dun mismo. Para ito sa bawat. . .Sinuman na may nais, sige't siya'y palakarin n'yo lamang papasok. Pumasok lang. Tinawag ka ng Diyos, kinakailangan mong pumasok, kaya ngayon na mismo'y pumasok na kayo. Huwag na kayong magpatumpik-tumpik pa. Tahakin n'yo na mismo, ngayong gabi.

199 Nakikinita ko nga ang matandang lalaking ito; nahalubilo niya ang sarili niya. Minamahal niya si Jesus, pero siya nga'y mistula bang parang. . .Di nga niya gustong mawaglit 'yung reputasyon niya, alam n'yo, 'yung mga kaalwanan. Kaya heto na't humayo na sila; 'yun nga ang ginawa nila.

200 Kaya ang sabi ng Panginoon, "Ngayon tingnan n'yo itong munting matandang lalaki na ito riyan. Itinalaga Ko na siya nung una pa lang sa Walang Hanggang Buhay, at heto siya na napasali sa umpukan ng mga di mananampalataya. Kaya Akin siyang isasaayos." Hinayaan Niya ang anak na babae ng lalaki na ito na magkasakit.

Sabi niya, "Buweno, tatawagin ko si Doktor Doe."

201 Tiningnan ni Doktor Doe ang dalagita. Sabi niya, "Yung pulso ng dalagita'y bumababa, Jairo. Sasabihin ko sa iyo ang mainam nating dapat gawin; mainam nga na gawin natin 'yung *ganito*, *ganoon*." At ibinigay na nung doktor ang lahat ng mga gamot, at kung ano pa. Pero ganoon pa rin ang kalagayan niya, nasa bingit na ng kamatayan.

202 Tapos sabi niya, "Ako—ako—ako—ako nga'y napapaisip kung may inilaan bang daan dito ang Diyos?" Oh, grabe!

203 Yung Lalaki na pinupuna niya nang husto, patungkol sa Makalangit na kagalingan! O, nabalitaan niya na ganoon Siya, at sabi niya, "Siyanga. Siyanga. Uh-huh."

"Jairo, di ba sumagi sa isip mo na isa Siyang ipokrito?"

204 "Hindi," sabi ng Espiritu Santo, "Hindi Siya ipokrito. Ikaw nga'y manampalataya sa Kanya."

205 "Oh, sige, buweno. Oh, sa—sa—sa tingin ko'y may pagka ganoon Siya."

206 Kita n'yo, ganyan nga ang ilan sa mga mangangaral na ito na hanggang hangganan lang, siyanga, natatakot. Oh, kunin nawa ng Diyos 'yang butong-tinik na 'yan mula sa inyo at ang ilagay ay gulugod sa loob n'yo!

207 Gustung-gusto ko nga 'yung pinatotoo ni Buddy Robinson. Sabi niya, "Panginoon, pagkalooban Mo po ako ng gulugod na kasing laki ng matabang troso. Iyo pong lagyan ng maraming pagdagundong ang dulong kaibuturan ng aking kaluluwa. At Iyo pong itulot na labanan ko ang diyablo hanggang sa kahit iisa na lang ang natitira kong ngipin, at haya't gagamitin ko na lamang ang gilagid ko sa kanya hanggang sa ako'y mamatay." Gustung-gusto ko 'yun. Siyanga. Sabi niya, "May matandang aso ako noon na ginagamit sa pangangaso ng racoon. Namatay ang asong ito, na matanda. Nagagawa pa rin niyang magdala ng racoon hanggang sa maski isa na lang na ngipin ang natitira sa kanya, kaya naman ginagamit na lang niya ang gilagid niya dun sa racoon, at kakahol." Gustung-gusto ko 'yun. Siyanga! Hallelujah!

208 Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, halos wala po akong natamong anumang edukasyon. Napakaliit ko po. Tatanggihan ako ng mga mangangaral!"

209 Balikan nga natin ang kuwento. "Wala nga ito sa laki ng aso sa isang laban; nasa laki ito ng laban na naroon sa aso." Ganyan dapat sa panahon na ito ngayon! Tumindig ka riyan! Hindi ko po kayo kinukumpara sa aso, pero tumindig po kayo riyan.

210 Katulad na lang nung nabanggit nung matandang pinuno na katutubo nung isang araw, nung naghahanda na siya noong humayo. Sabi, "Kumusta ang kalagayan mo, pinuno?"

211 Sabi, "May gusto akong sabihin sa iyo, kapatid." Sabi, "May dalawang aso rito sa kaibuturan ko. Ang isa'y itim at ang isa'y

puti. Yung itim ay gusto akong gumawa ng mali, at ’yung puti nama’y gusto akong gumawa ng tama.” Sabi, “Lagi silang nag-aaway at naglalaban.”

Sabi ko, “Alin po ang nananalo, pinuno?”

Sabi, “Kumpurme sa kung sino ang pinakakain nang mas marami ng pinuno.”

212 At tama nga naman ’yun, kung tutuusin. Siyanga, po. Heto nga, kapatid. Sinasabi ko sa iyo, ang kailangan ng mundo ay isang mainam na subok na na pagyayanig.

213 Sabi ni Jairo, “Ngayon sandali lang muna.” Yung anak nga niyang babae’y talagang lumulubha na ang sakit. Ang tanging pag-asa na lamang, para maisalba pa siya, ay ang magpunta mismo kay Jesus. Ang dalagita . . . Sila’y nagtungo na kay Jesus.

214 Habang naroon siya sa daan niya . . . Nakikinita ko siya na parating na roon. At ’yung babae kanina’y kagagaling lang niya mula sa pag-aagas ng dugo. Heto na nga ang lalaki, sabi niya, “Ang anak kong babae’y nakaratay ngayon . . . Di ko alintana anumang sabi-sabihin ng saserdote, anumang sabi-sabihin ng iba. Ikaw po ba’y magpapaunlak na makapunta, na ipapatong ang Iyong mga kamay sa anak ko? Nananampalataya ako na Ikaw ang inilaang daan ng Diyos para sa kagalingan ng anak ko. Ikaw po ba’y makapupunta, na ipapatong ang Iyong mga kamay sa anak ko, na gagaling siya?”

Sabi, “Pupunta Ako.”

215 Heto nga Siya, na papunta na. Unang-una ngang bungad sa inyo, heto ang isang lalaki na kumakaripas mula sa bahay nila, na sinasabi, “Jairo, huwag mo nang gambalain ang Panginoon, dahil, ang anak mo’y patay na.” Oh, oh, naku! Nakikinita ko nga na ’yung munti niyang puso’y parang sasambulat na mula sa kanya, nang paganoon.

216 Nakikinita ko nga ang kalugud-lugod na, maaamong mga mata ni Jesus na napatingin sa lalaki, nagsasabi, “Hindi ba’t sinabi Ko na sa iyo, ‘Huwag kang matakot, at makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos’?” Siya ang inilaang daan ng Diyos.

217 May isang matandang lalaki na nagngangalang Bartimeong bulag, nakaupo sa may pintong-bayan isang araw, nanlilimos. Ang klima noon ay papalamig na, mago-Oktubre na. Nakarinig siya ng pagkakaingay na nanggagaling dun sa kalsada. “Ano kaya ’yun?”

“Aba,” sabi niya, “anupa’t si—si Jesus ng Nazaret.”

218 Di siya nagpatumpik-tumpik . . . Hinatak niya mismo ang kanyang balabal. Di niya ’yun inilapag sa kung saan, ni tinupi man ’yun nang maayos, alam n’yo, na maya-maya’y puwede pa niyang balikan ’yun at kapa-kapain. Inihagis niya mismo ang balabal niya sa tabi. Ang Diyos ay may daan na inilaan, at siya nga’y may paghahangad dito. Siya nga’y tumakbo roon.

219 Yung ilan sa . . . ? . . . sabi, "Magsiupo kayo! Magsiupo kayo! Wala Siyang panahon para sa inyo."

220 Nilakasan pa niya ang sigaw niya, "Jesus, Anak ni David, mahabag Ka sa akin! Mahabag Ka sa akin!" Pinagsisiksikan niya ang sarili niya roon. "Mahabag Ka sa akin! Alam ko na Ikaw po ang inilaang daan ng Diyos para sa mga mata ko. Oh, Panginoon, mahabag Ka sa akin!" Ganoon nga.

221 May nabasa akong kasaysayan patungkol kay Bartimeong bulag, noong araw, isang munting kuwento. Sinasabi dun na ilang taon na rin siyang bulag. May munting anak na babae siya na di pa niya nakikita kahit kailan. Isang gabi . . . At heto rin na kinagawian niyang magtungo roon at maupo sa kalsada. May munting kordero siya roon. Kordero ang ginagamit noong araw para gabayan ang mga bulag gaya ng mga aso sa panahon ngayon; aso ang ginagamit ngayon para gumabay sa mga bulag. Sinasanay nila noon ang mga kordero para gabayan ang bulag. At mangyaring sabi sa kuwento, isang araw, haya't . . .

222 May dalawa rin siyang kalapati at ang mga ibon na ito'y kaya nilang magpabalikwas-balikwas, nang *paganoon*, para makuha ang pansin ng mga turista, na nagpupunta roon sa Jerusalem, o doon sa—sa siyudad, at sila nga'y maghuhulog ng mga barya sa kanyang kopa. Siya nga'y bulag.

223 Heto na't isang gabi 'yung asawa niya'y nagkasakit nang malubha, kaya dumulog siya sa Panginoon. At sabi niya, "Panginoon, walang-wala po ako. Isa lang po akong mahirap. Isa rin po akong bulag. Walang-wala po akong kayang ibigay sa Iyo. Pero ako po'y nananampalataya sa Iyo, Panginoon. At kung Iyo lamang kahahabagan at pahihintulutan na mabuhay ang asawa ko, bukas ay ibibigay ko po sa Iyo ang aking mga kalapati bilang alay." Pinagaling ng Panginoon ang asawa niya nung gabi ring 'yun.

224 Nung sumunod na araw nagpunta na siya, sa pamamagitan ng isang saserdote, at inalay niya ang dalawa niyang kalapati bilang hain. Tapos wala na siyang natitira pa sa kanya kundi 'yung kordero na lamang.

225 Di pa ganoong nagtatagal, 'yung anak naman niyang babae ang nagkasakit. Wala ngang magawang remedyo sa kanya ang mga doktor. Sabi niya, "Panginoon, may isa na lamang akong bagay na natitira sa akin," at sabi, "itong kordero nga. Pero kung Iyong itutulot na ang aking munting anak na babae, na di ko pa nakikita kahit kailan, kung Iyo lamang siyang tutulutan na gumaling, heto po't ibibigay ko po sa Iyo ang aking kordero bilang hain." Pagkatapos nga'y pinagaling ng Panginoon ang munti niyang anak na babae.

226 Ilang araw pagkatapos nun, nagtungo na siya roon sa daan, 'yung kordero'y ginagabayan siya. At si Caifas, na punong

saserdote, lumapit, ang sabi, “Bartimeong bulag, saan naman ang sadya mo?”

227 Sabi niya, “Papunta po ako, Oh punong saserdote, sa may templo. Ang kordero na ito’y ginagabayan ako patungo dun sa templo; para ialay ang kordero ring ito bilang hain.”

“Oh,” sabi nung saserdote, “di mo puwedeng gawin ’yan.”

Sabi, “Gagawin ko po,” sabi nga ni Bartimeo.

228 Sabi, “Heto, bibigyan na lang kita ng halaga na katumbas ng korderong ’yan. Bumili ka na lang ng iba.”

229 Sabi niya, “Di ko ipinangako sa Panginoon na magbibigay ako ng *isang* kordero. Ang ipinangako ko sa Kanya ay *itong* mismong kordero na ito, itong mismong kordero na ito.”

230 Sabi, “Bartimeong bulag, di mo puwedeng dalhin dito ang kordero na ’yan. Yang kordero na ’yan kasi ang mga mata mo. Di ka makakakita kapag nawala ’yang kordero na ’yan. Yang kordero na ’yan ang gumagabay sa iyo. Yan nga mismo ang mga mata mo, Bartimeong bulag. Di mo puwedeng ialay ang kordero na ’yan.”

231 Sabi, ’yung matandang lalaki nga’y nanginig nang kaunti at ang sabi, “Oh punong saserdote, ang Diyos ang bahalang maglaan ng kordero para maging mata ni Bartimeong bulag.”

232 Pagpalain ng Diyos ang kanyang puso! Noong marinig nga niya ’yung parating; naglaan mismo ang Diyos ng kordero. Hayun nga Siya.

233 Siya ang inilaang Cordero ng Diyos sa gabing ito. Siya ang Cordero na inilaan para sa ating mga mata, inyong espirituwal na mga mata. Siya ang Cordero na inilaan para sa inyong kaluluwa. Siya ang Cordero na inilaan para sa pag-alpas n’yo ng impyerno. Siya ang Cordero na inilaan para sa inyong kaluwalhatian sa Langit.

234 Inyo bang tatanggapin na Siya, habang nananalangin tayo, habang nakayuko ang ating mga ulo?

235 Oh Panginoong Diyos, na Maylalang ng kalangitan at lupa, na may-akda ng walang hanggang Buhay, nagkakaloob ng bawat mabubuting kaloob; Iyo pong ipadala ang Iyong mga pagpapala sa mga taong narito. Heto po ang di pulidong, munting, mga naipangusap na di napaghandaan, Panginoon; pero batid ko na Ikaw nga’y may inilaang daan.

236 Sinabi Mo, “Kagaya sa mga araw ni Noe, ay gayundin ang pagparito ng Anak ng tao.” Isa ngang panahon ng paghahanda, panahon kung kailan . . . May dako nga na inihanda para roon sa mga nagnanais makaalpas sa kagalitan. Dalangin ko, Diyos, na sa sandaling ito ngayon, na . . . ’yung Cordero ng Diyos na inilaan para dun sa mata ng bulag na lalaking ’yun, o maging sa babae man na may pag-aagas ng dugo, na pinatigil ang pag-agas ng

dugo, ang Cordero na 'yun na inilaan para kay Lazaro na patay na noon. Diyos, Ikaw po'y mahabag.

237 Sa tuwing naiisip ko 'yun, na 'yun ang siya ring Cordero na 'yun na inilaan para sa aking bulag na mga mata, noong araw; noong sabihin sa akin ng Mayo Brothers, tatlong taon na ang nakararaan, na wala na raw akong pag-asa para umayos pa ang aking lagay. Ang Diyos ay naglaan ng Cordero.

238 Noong Iyong isinugo ang Iyong Anghel doon sa ibayo na 'yun, ng Green's Mill, at ang sabi, "Humayo ka't, gawin mo ang bagay na ito," papaano ko nga magagawa 'yun sa harap ng malaking mundong ito ng mga di naniniwala sa Diyos at mga di mananampalataya? Pero ang Diyos nga'y naglaan ng isang Cordero.

239 Diyos, ang mahirap na munti kong simbahan sa gawi rito, Panginoon, sa akin pong pagtanaw rito! At ang isipin, na ilang maraming milya sa patawid ng dagat, at patawid sa mga lupain na nagyeyelo at mga isla ng yelo! Ganoon na lamang na sa aking pag-upo roon, maraming beses, sa silid na 'yun na mag-isa, na nananalangin. Iniisip ko nga ang maraming beses na 'yun na sila'y sumasadya pa rito at para makamayan nila ako. Ang mga lumang alikabok ay kumakalat pa noon sa may sahig, gumagalaw ang mga bintana sa tuwing umiihip ang hangin.

240 Naiisip ko nga ang sarili kong minamahal na asawa, at, kung paanong inilagak siya rito sa paanan ng krus, nangaral ako sa kanyang paglilibing. Tandang-tanda ko pa sa gunita ko 'yung munti kong anak na sanggol, Panginoon, na iniratay sa bisig ng asawa ko.

241 Tandang-tanda ko ang kaawa-awang, munting Billy Paul, na Iyong pinuspos ng Espiritu Santo mga ilang oras pa lang po ang nakalilipas. Hayun nga siya noon sa libingan ng kanyang nanay nung umagang 'yun, at naglapag siya ng bulaklak ng Pagkabuhay sa ibabaw nun, at bigla na lang siyang napaiyak; niyakap ko ang munting binatilyo sa bisig ko, at sabi ko, "Ang Diyos ay naglaan ng Cordero, isang handog dahil sa kasalanan. Balang araw ang munting libingan na 'yan ay magbubukas; si nanay mo ay lalabas, at ganoon din ang munti mong kapatid na babae. Ang Diyos ay naglaan ng Cordero."

242 Isa sa mga araw na ito, ang Diyos, kapag naipangaral ko na ang huli kong pangangaral; marahil inireratay na nila ako sa loob ng silid, at mararamdaman ko ang pulso ko na umaakyat na sa may manggas ko, ang malamig na daloy ng kamatayan ay lumulutang na sa aking silid, habang nakabukas ang pinto, ang mga kurtina'y gumagalaw sa ihip. Iyo pong itulak sa laot ang bangkang pansagip, Panginoon. Tatahakin ko na ang pinaka huli kong biyahe. Tatakpan na ako ng kumot. Isasara na ang takip, at nakatakip na sa akin ang kumot.

243 Nais kong tumahak sa libis ng lilim ng kamatayan. Nais kong sumapit sa Jordan, "Dumaloy ka nang sa gayon ako'y may matawiran!" At sisigaw, "Magparaan ka, Jordan! Ako'y tatawid na!" Panginoon, Iyo pong itulak lamang ang bangkang pansagip para sa akin sa panahong 'yun. Iyo pong tanggapin ako, maaari po ba, Panginoon? Iyo pong tanggapin ako sa oras na 'yan, maaari po ba, Panginoon? Di lang po ako, kundi ang bawat isa na narito ngayon, Iyong tanggapin sila sa panahon na 'yun, maaari po ba, Panginoon? Iyong ipagkaloob. Hanggang sa sandali na 'yan, marami sa amin ang tatawid, at babalik na sa Paraiso at pagdaka'y mabubuhay na nang magpakailanman.

244 Ama, kung may lalaki o babae man na narito sa gabing ito na di pa nakakakilala sa Iyo, walang kabatiran sa kung gaano ba itong kahalaga, hindi pa naipapanganak na muli, hindi pa nakasusumpong sa daan na inilaan ng Diyos, nawa'y kanilang masumpungan na ito ngayon, habang kami'y nananalangin, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

245 Habang nakayuko ang inyong mga ulo, mga kaibigan kong makasalanan. Pagpalain ng Diyos ang inyong puso. Marami sa labas o sa loob. Narito ang Espiritu Santo. Natanggap n'yo na ba ang daan ng pag-alpas na inilaan ng Diyos, ang daan na inilaan para sa inyo ng Diyos? Wala nga kayong ginawa na ano man para maging karapat-dapat dito. Diyos ang naglaan nito para sa inyo. Magagawa n'yo na bang lumapit, tanggapin na ito ngayon? Magagawa n'yo ba, ngayong gabi? Kung may kaibigan dito na makasalanan, itaas n'yo lamang ang inyong kamay, sabihin, "Kapatid na Branham, ipanalangin mo ako. Hangad ko ang inilaang Cordero ng Diyos para sa aking buhay."

246 Wala po tayong maraming espasyo rito para magtawag ng pagdulog sa altar dito sa may harap ng altar. Walang espasyo, kaya hinihiling ko na lamang na itaas n'yo ang inyong kamay. Gagawin mo na po ba, na isang makasalanan? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. At pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw.

Diyan sa likod na likod, sige po, mayroon pa po ba riyan sa may likuran?

247 Dito naman sa gawing kanan ko? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Mayroon pa po bang iba na magtataas ng kanilang kamay, sasabihin, "Ako po'y alalahanin n'yo. Oh Diyos, Iyo pong pagkalooban ako ng biyaya ngayong gabi, ng Buhay ng Iyong Cordero." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Nakikita kita, nakaupo riyan.

248 Sa mga nariyan sa labas, lumapit lang po kayo at ipatong n'yo ang mga kamay n'yo sa may tabing, at sabihin, "Kapatid na Branham, alalahanin mo po ako. Inaasam ko po ang daan na inilaan ng Diyos."

*Daan Ng Diyos Na Ginawa Para Sa Atin* TAG52-0900
(God's Way That's Been Made For Us)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Septiyembre, 1952 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org